
Point VIEWER Publishing
PVN

The Word of God





by: Bro. Ernie Acayan

PAHINA 7

ISSN : 2704 - 4270 VOL. VIII ISSUE NO. 50 JULY 13 - 19, 2026 ₱15.00



# PAGBUBUKAS NG SELYADONG BIR BOX, 'DI TRABAHO NG SENATE IMPEACHMENT COURT; INIUTOS NA ISAULI SA HOR – LACSON

BASAHIN SA PAHINA 3

## Libreng public viewing ng laban ni Alex Eala sa Wimbledon, ikakasa sa PhilSports Arena

PAHINA 12

## CPPO Explores Opportunities in Science and Technology Initiatives with DOST Cotaboto

PAHINA 3



## Spain, dinomina ang pisikalang laban kontra Austria, 3-0

BASAHIN SA PAHINA 12



BASAHIN SA PAHINA 12

## Switzerland, tinapos na ang 88-year drought na makapagbulsa ng panalo sa World Cup knockout stage

BASAHIN SA PAHINA 12



CAGAYAN DE ORO CITY — The Office of Civil Defense Regional Office X (OCD-X), in partnership with SM CDO Downtown, officially launched the observance of National Disaster Resilience Month (NDRM) 2026 on July 1 through a Disaster Risk Reduction and Management (DRRM) Caravan and Static Display, highlighting the region's commitment to building safer and more disaster-resilient communities.

## Argentina, pasok na sa Round of 16 ng World Cup 2026

BASAHIN SA PAHINA 3

## DOST XII and DOST-ITDI Forge Partnetship for SOCCSKSARGEN's Expanded Regional Trial Metrology Labarotary

BASAHIN SA PAHINA 2

## DOST Ilocos Region Earns National Recognition at STARBOOKS 15th Anniversary Celebration

## Marcoleta at iba pa, dapat paharapin sa korte – Clergy for Good Governance

BASAHIN SA PAHINA 2

# CPPO Explores Opportunities in Science and Technology Initiatives with DOST Cotaboto




**The Department of Science and Technology (DOST) SOCCSKSARGEN – Cotabato Provincial Science and Technology Office (PSTO) conducted an orientation on the agency's Programs, Projects, and Activities (PPAs) for the uniformed and non-uniformed personnel of the PNP Cotabato Police Provincial Office (CPPO), led by Provincial Director PCol Ramil B. Hojilla.**

The activity aimed to enhance the awareness of CPPO personnel on the various science, technology, and innovation (STI)-based opportunities and interventions being offered by DOST, particularly in the areas of technology-based livelihood development, entrepreneurship, productivity enhancement, community development, and capacity-building initiatives.

During the orientation, the DOST Cotabato team presented an overview of the agency's mandate, core functions, and its role in promoting science, technology, and innovation as drivers of inclusive growth and sustainable development. The discussion highlighted several flagship programs, including the Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP), which assists micro, small, and medium enterprises through technology interventions and innovation support, and the Community Empowerment thru Science & Technology (CEST) Program, which delivers science-based solutions to address the needs of underserved and vulnerable communities.

The team also introduced other DOST initiatives such as scholarship opportunities, technology transfer programs, STARBOOKS, and community-based technology interventions designed to improve the quality of life of Filipinos.

Through this activity, DOST Cotabato and the Cotabato Police Provincial Office strengthened their partnership in promoting public awareness of government programs and fostering a culture of innovation, community development, and citizen empowerment in the Province of Cotabato.

# DOST XII and DOST-ITDI Forge Partnetship for SOCCSKSARGEN's Expanded Regional Trial Metrology Labarotary

A significant milestone toward strengthening the region's quality infrastructure has been achieved as the Department of Science and Technology (DOST) Region XII formally entered into a Memorandum of Understanding (MOU) with the DOST-Industrial Technology Development Institute (DOST-ITDI) on July 2, 2026, paving the way for the expansion of the SOCCSKSARGEN Regional Metrology Laboratory. Spearheaded through the foresight and steadfast leadership of Regional Director Engr. Sammy P. Malawan, PhD, the partnership marks a bold step in realizing a larger, more advanced metrology facility that will deliver wider calibration and measurement services to industries, institutions, government agencies, and emerging enterprises across the region.

The ceremonial signing, led by DOST-ITDI Director Dr. Annabelle V. Briones together with officials from DOST XII and the DOST-ITDI National Metrology Division (NMD), reflected a shared commitment to bringing nationally recognized metrology services closer to the countryside. More than a ceremonial agreement, the MOU embodies a common vision of empowering regional development through precision, traceability, and measurement excellence – strengthening the foundations of manufacturing, agriculture, healthcare, research, trade, and innovation in SOCCSKSARGEN.

Once established in Polomolok, South Cotabato, the expanded Regional Metrology Laboratory is envisioned to become a strategic hub that will significantly improve the accessibility of calibration services in the region. By reducing the need for stakeholders to seek metrology services outside SOCCSKSARGEN, the facility is expected to enhance operational efficiency, support regulatory compliance, improve product quality, and increase the competitiveness of local industries. It likewise reinforces DOST's commitment to building a robust regional quality infrastructure that supports science-driven economic growth and prepares local enterprises to meet both national and international standards.

In his message, RD Malawan underscored the transformative impact of the initiative, emphasizing that the laboratory represents an investment in the region's future. "We see this laboratory as a valuable resource that will serve not only today's industries but also future innovators, researchers, and entrepreneurs across the region. We are grateful to be part of this undertaking, and we look forward to building a stronger culture of quality and excellence that will contribute to the continued growth and development of SOCCSKSARGEN," he said.

With DOST XII, DOST-ITDI, and the National Metrology Division working hand in hand, the initiative reinforces the Department's commitment to making world-class measurement science more accessible to the regions – ensuring that precision, quality, and innovation remain at the heart of SOCCSKSARGEN's journey toward inclusive and sustainable development



# 9 senador na may karanasan sa mga nakaraang impeachment proceedings

Aabot sa siyam na mga senador na magsisilbing senator-judges sa impeachment trial ni Vice President Sara Duterte ang dati nang lumahok sa mga naunang impeachment proceedings sa bansa.Lehislatibong Sangay

Kabilang dito sina Sen. Loren Legarda at Sen. Vicente "Tito" Sotto III sa mga naging senator-judges sa impeachment trial ni dating Pangulong Joseph Estrada mula Disyembre 2000 hanggang Enero 2001. Lumahok din sila sa impeachment trial ni dating Chief Justice Renato Corona mula Disyembre 2011 hanggang Mayo 2012.

Samantala, kabilang din sa mga naging bahagi ng paglilitis kay Corona sina Sens. Alan Peter Cayetano, Pia Cayetano, Francis Escudero, Jinggoy Estrada, Panfilo Lacson, Lito Lapid, at Francis Pangilinan. Lahat sila ay bumoto noon pabor sa conviction ni Corona.

Naging senator-judge rin noon si Pangulong Ferdinand Marcos Jr. sa impeachment trial ni Corona. Kasama nina dating senador Joker Arroyo at yumaong Sen. Miriam Defensor-Santiago, bumoto siya para sa acquittal ng dating punong mahistrado.Legal

Bukod sa mga senador, naging bahagi rin ng mga naunang impeachment proceedings ang ilang personalidad na sangkot ngayon sa paglilitis kay Duterte.

Si Sen. Risa Hontiveros, na noon ay kinatawan ng Akbayan Party-list, ay naghain ng graft complaint laban kay Corona sa Office of the Ombudsman.

Samantala, si Mamamayang Liberal Party-list Rep. Leila de Lima, na nagsisilbing miyembro ng House prosecution panel, ay justice secretary noong impeachment trial ni Corona.

Noon, tumestigo siya kaugnay ng isyu sa temporary restraining order na may kinalaman sa travel ban laban kay dating Pangulong Gloria Macapagal Arroyo.

Hindi naman makikibahagi si Sen. Jinggoy Estrada sa impeachment trial ni Vice President Duterte matapos siyang suspendihin ng Office of the Ombudsman nang anim na buwan kaugnay ng kanyang pagkakasangkot sa kasong plunder.

# Marcoleta at iba pa, dapat paharapin sa korte – Clergy for Good Governance

Nararapat lamang umanong paharapin sa korte si Sen. Rodante Marcoleta at iba pang matataas na opisyal na may pananagutan sa batas, ayon sa Clergy for Good Governance (CGG).

Nanindigan ang grupo na dapat harapin ng senador sa korte ang mga akusasyon laban sa kanya, at huwag sa ibang forum, ngayon at pormal na siyang sinampahan ng kasong plunder sa Sandiganbayan.

Kung accountability o pagpapanagot ang hinihiling ng Iglesia Ni Cristo sa kanilang isinagawang rally para suportahan si Marcoleta, marapat lamang din aniya na sa korte na humarap ang senador at dito ilatag ang kaniyang ebidensiya.

Dapat din aniyang hayaan nila ang kanilang miyembro na iharap ang kanyang sarili sa korte.

Ayon pa sa Catholic priest, kung totoong inosente si Marcoleta, hindi dapat siya matakot na humarap sa korte o harapin ang mga abogado ng Ombudsman.

Iginiit din ni Fr. Reyes na maliban kay Marcoleta ay dapat ding ihain na ang kaso laban sa iba pang mambabatas at matataas na opisyal na natukoy na sangkot sa flood control scandal.

Tinukoy ng pari sina Sen. Joel Villanueva, Sen. Chiz Escudero, o maging si Pang. Ferdinand Marcos Jr., kung mayroon man siyang pananagutan sa nabunyag na iskandalo.

Giit ni Fr. Reyes, hindi dapat rason ang kasalukuyang posisyon ng sinuman para hindi mapanagot sa anumang pagkakasala.



Point VIEWER Publishing PVN

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*JOEL A. CANTOR*
Assistant

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!

papi
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.

INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com

ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# DOST Ilocos Region Earns National Recognition at STARBOOKS 15th Anniversary Celebration



**MUNTINLUPA CITY – The Department of Science and Technology Ilocos Region (DOST Ilocos Region) proudly participated in the 15th Anniversary Celebration of STARBOOKS (Science and Technology Academic and Research-Based Openly Operated KioskS) held on June 24–25, 2026, at Acacia Hotel Manila, Alabang, Muntinlupa City, reaffirming its commitment to bringing science, technology, and innovation closer to communities across the Ilocos Region.**

Organized by the DOST–Science and Technology Information Institute (DOST-STII), this year's celebration carried the theme "Brilliance, Stories, and Timelessness," honoring the remarkable journey of STARBOOKS in making quality science and technology information more accessible to every Filipino, especially those in geographically isolated and underserved areas.

The two-day event gathered DOST regional deployment officers, institutional partners, and stakeholders from across the country to celebrate the milestones of STARBOOKS and recognize the individuals and organizations whose contributions have strengthened the program's nationwide impact over the past 15 years.

DOST Ilocos Region was honored as one of the country's outstanding STARBOOKS partners in recognition of its unwavering commitment to expanding access to science and technology information. To date, the region has successfully installed more than 900 STARBOOKS units across schools, libraries, local government units, and various partner institutions throughout the Ilocos Region, significantly enhancing access to digital science resources and promoting science literacy among learners and communities.

Further highlighting the region's excellence, DOST Ilocos Region received the 3rd Place Award in the STARBOOKS Deployment Officers Video Contest, recognizing its outstanding storytelling and creativity in showcasing the transformative impact of STARBOOKS in communities across the region.

The award also extends DOST Ilocos Region's remarkable record of excellence, having consistently placed among the national winners of the STARBOOKS Deployment Officers Video Contest every year since 2022. This sustained achievement reflects the dedication, innovation, and collaborative efforts of the regional deployment team in promoting the value of STARBOOKS and inspiring greater appreciation for science and technology.

The celebration was led by DOST Undersecretary for Scientific and Technical Services Maridon O. Sahagun together with former DOST Assistant Secretary and National Privacy Commission Commissioner Raymund E. Liboro, whose vision led to the establishment of STARBOOKS in 2011. The event also recognized the invaluable contributions of deployment officers, institutional partners, and outstanding performers who have helped expand the reach of science and technology information throughout the country.

On the second day of the celebration, participants attended a series of learning sessions designed to strengthen partnerships and enhance STARBOOKS implementation. Mr. Edric Calma of the Knowledge Channel Foundation, Inc. (KCFI) presented the organization's various educational programs and initiatives, highlighting opportunities for collaboration with DOST in advancing innovative learning solutions and helping shape the future of Filipino learners.

Participants were also introduced to the latest innovations in robotics through a presentation by Erovoutika Robotics and Automation Solutions, which showcased its newest robots and automation technologies, demonstrating how robotics can enrich science education and inspire innovation among students and educators.

The event concluded with updates on the STARBOOKS program and technical sessions, providing deployment officers with the latest developments, implementation strategies, and technical enhancements to further improve the delivery and sustainability of STARBOOKS services in their respective regions.

As DOST Ilocos Region celebrates these national recognitions, the office remains steadfast in its mission of making science, technology, and innovation accessible to every Ilocano. Through STARBOOKS and other knowledge-sharing initiatives, DOST Ilocos Region continues to empower learners, educators, researchers, and communities by providing equitable access to information and fostering a culture of innovation and lifelong learning.

# Pagbubukas ng selyadong BIR box, 'di trabaho ng Senate impeachment court; Iniutos na isauli sa HOR – Lacson

Iginiit ng isa sa magsisilbing senator-judge sa impeachment trial ni Vice President Sara Duterte na si Senador Panfilo Lacson na hindi trabaho ng Senate impeachment court ang pagbubukas sa selyadong kahon ng Bureau of Internal Revenue (BIR).

Sa halip, dapat aniyang humingi ng pahintulot ang House prosecution panel mula sa Office of the President kung nais nilang buksan ang BIR box.

Napagkasunduan aniya ng mga senador sa kanilang caucus nitong Biyernes na isauli ang selyadong BIR box sa House prosecution dahil walang karapatan ang korte na itago o maging "gatekeeper" ng mga ebidensyang hindi pa pormal na inihaharap sa paglilitis.

Binigyang-diin ni Lacson na sa ilalim ng Section 71 ng Tax Code, ang mga tax record ay confidential at maaari lamang ilabas o buksan kung may nakasulat na permiso mula sa Pangulo sa rekomendasyon ng BIR at Department of Finance o sa pamamagitan ng waiver mula sa respondent.

Nagbabala rin si Lacson na kapag pinilit ng Senate impeachment court na buksan ang kahon nang walang tamang legal na awtorisasyon, malalagay ang Senado sa panganib na makasuhan ng "grave abuse of discretion".

Ayon kay Lacson, dapat na huwag ipasa ng prosecution sa Senado ang pasanin sa pagbubukas nito.

Dapat ay sa House of Representatives pa lang ay hiningi na nila ang kinakailangang permiso sa Malacañang bago ito ipinadala sa Senado.

Ang selyadong kahon ay naglalaman ng mga tax record ni VP Sara Duterte at ng kanyang asawa na si Mans Carpio na isinumite ng BIR sa House Justice Committee.

Ipinasa ito ng Kamara sa Senado nang hindi binubuksan. Nais ng House prosecution panel na buksan ito upang magamit na ebidensya para sa Article II ng Articles of Impeachment na may kinalaman sa umano'y "unexplained wealth" o hindi maipaliwanag na yaman ng Bise Presidente.



# VP Sara, nanalangin para sa pag-uwi ng kanyang ama

Ibinahagi ni Vice President Sara Duterte ang kanyang pag-bisita sa Archdiocesan Shrine of St. Vincent Ferrer sa Bogo City.Sa isang social media post nitong Linggo, Hulyo 5, ibinahagi ng Bise Presidente na nagsindi siya ng kandila at nag-alay ng panalangin para sa kapayapaan ng Pilipinas at sa kaligtasan ng mga Pilipino sa loob at labas ng bansa."Tinungo natin ang Archdiocesan Shrine of St. Vincent Ferrer sa Bogo City upang magsindi ng kandila at ipanalangin ang kapayapaan ng ating bansa at ang kaligtasan ng mga Pilipino, kabilang na ang mga nagtatrabaho at naninirahan sa ibang bansa," ani Duterte.

Ayon sa kanya, kabilang din sa kanyang mga ipinagdasal ang pagbabalik sa Pilipinas ng kanyang amang si dating Pangulong Rodrigo Duterte, na kasalukuyang nasa kustodiya ng International Criminal Court (ICC) at nahaharap sa kasong crimes against humanity."Kasama rin sa ating mga dasal ang pag-uwi ni Dating Pangulong Rodrigo Duterte sa ating bayan," dagdag niya.Pamahalaang Estado at LokalIpinagdasal din ng Bise Presidente ang patuloy na pagbangon ng Bogo City mula sa pinsalang dulot ng malakas na lindol na tumama noong 2025.

Ayon sa kanya, kapansin-pansin pa rin ang mga bakas ng pinsala sa simbahan, kaya't pansamantala munang isinasagawa ang misa sa isang temporaryong gusali sa loob ng compound nito.Hinikayat din niya ang publiko na manatiling matatag sa kabila ng mga hamon na kinakaharap ng bansa at patuloy na mahalin ang Pilipinas.

"Mga kababayan, patuloy tayong maging matatag, at mahalin natin ang Pilipinas—para sa Diyos, sa Bayan, at sa bawat Pamilyang Pilipino," pahayag pa niya.

Ang Archdiocesan Shrine of St. Vincent Ferrer ay isa sa mga kilalang lugar ng pananampalataya sa hilagang Cebu at dinarayo ng mga deboto mula sa iba't ibang bahagi ng Visayas. Ginawa ni VP Sara ang pagbisita isang araw bago ang nakatakdang impeachment trial sa Senado ngayong Lunes, Hulyo 6.

# OCD-X Kicks Off National Disaster Resilience Month 2026 with Regionwide DRRM Caravan

The event, which served as the official regional kick-off, gathered members of the Regional Disaster Risk Reduction and Management Council (RDRRMC)-X, local government units, development partners, uniformed services, civil society organizations, schools, volunteers, media representatives, and the public in a unified effort to promote disaster preparedness and resilience.

Representatives of the four thematic pillars of disaster risk reduction and management—Disaster Prevention and Mitigation, Disaster Preparedness, Disaster Response and Early Recovery, and Disaster Rehabilitation and Recovery—joined the opening ceremony, along with officials from various national government agencies and partner organizations.


In his keynote address, OCD-X Regional Director and RDRRMC-X Chairperson Antonio B. Sugarol underscored the significance of this year's theme, "Naghahanda at Kumikilos Tungo sa Panatag na Bagong Pilipinas." He said disaster resilience begins with sustained preparedness, active community participation, and strong partnerships among government agencies, local governments, the private sector, and the public. He urged every Filipino to make preparedness a daily habit rather than an annual activity. One of the event's highlights was the DRRM Caravan and Static Display, where participating agencies showcased disaster preparedness programs, emergency response equipment, rescue capabilities, and public safety initiatives. Among the participating agencies were DSWD Field Office X, DOST-PHIVOLCS, PAGASA, the Philippine Coast Guard, Philippine National Police, Philippine Army, Bureau of Fire Protection, Philippine Red Cross, DICT, and other RDRRMC-X member agencies.

Local disaster risk reduction and management offices from Cagayan de Oro City, Iligan City, Misamis Oriental, and Camiguin also presented their disaster management programs, emphasizing the critical role of local governments in strengthening community resilience.

Visitors, including students, families, and disaster risk reduction advocates, toured the exhibits, viewed emergency response vehicles and equipment, and participated in information sessions and demonstrations designed to improve public awareness and preparedness.

Simultaneous launch activities were likewise held in the provinces of Bukidnon, Lanao del Norte, and Misamis Occidental, demonstrating Northern Mindanao's unified commitment to advancing disaster resilience across the region.

Director Sugarol expressed his gratitude to all participating agencies, local government units, partner organizations, volunteers, schools, civil society groups, media partners, and SM CDO Downtown for helping make the regional launch a success. He noted that the kick-off marks the beginning of a month-long series of activities aimed at promoting disaster prevention, preparedness, response, recovery, and rehabilitation, while reinforcing the message that disaster resilience is a shared responsibility and a way of life.



## Pinakamalaking estero clean-up drive, inilunsad ng gobyerno kontra baha

Pinakilos ng pamahalaan ang pinakamalaking puwersa ng 10,000 TUPAD workers para isagawa ang Expanded Bayanihan sa Estero Program simula July 1, 2026.

Layon nito para mabawasan ang pagbaha sa mga komunidad at pangunahing lansangan sa Metro Manila.

Ayon kay Executive Secretary Ralph Recto, ang mas pinaigting na operasyon ay alinsunod sa utos ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na palakasin ang mga hakbang upang maprotektahan ang mga komunidad na madalas naaapektuhan ng malalakas na ulan at pagbaha.

Sa pangunguna ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) katuwang ang Department of Labor and Employment (DOLE), ang mga benepisyaryo ng Tulong Panghanapbuhay sa Ating Disadvantaged/Displaced Workers (TUPAD) ang magsasagawa ng paglilinis, pagtanggal ng putik at basura, at regular na pagmamantina ng mga pangunahing estero at kanal sa Metro Manila simula ngayong buwan. Mga Natural na Sakuna

"Alam natin ang hirap na dinaranas ng ating mga kababayan tuwing bumubuhos ang malakas na ulan. Kaya pinalawak natin ang programang ito para mas mabilis nating maalis ang bara sa mga estero at daluyan ng tubig at mabawasan ang pagbaha. Continuous ito ngayong taon," ayon kay Executive Secretary Ralph G. Recto.

Sinimulan ang pinalawak na programa matapos pangunahan ni Recto ang pagpupulong kasama ang Department of Transportation (DOTr), Department of Public Works and Highways (DPWH), MMDA, at DOLE upang pabilisin ang paghahanda ng pamahalaan para sa tag-ulan at pagtibayin ang sama-samang pagkilos ng iba't ibang ahensya laban sa pagbaha sa Metro Manila.

"Habang isinusulong natin ang mga pangmatagalang solusyon, ito ang agarang hakbang na makatutulong sa ating mga komunidad," dagdag pa ni ES Recto.

## Impeachment trial, pagkakataon ni VP Sara na sagutin ang mga alegasyon – DS Ortega

Hinikayat ni Deputy Speaker Paolo Ortega V si Vice President Sara Duterte na personal na dumalo sa nakatakdang impeachment trial sa Hulyo 6 upang sagutin ang mga alegasyon laban sa kanya.

Ayon kay Ortega, bagama't duda siyang dadalo ang bise presidente dahil sa mga nauna nitong pagliban sa mga pagdinig ng Kongreso, ang impeachment trial ang tamang pagkakataon upang maipaliwanag ang kanyang panig.

Sinabi rin niyang matagal nang naghihintay ang publiko ng mga sagot kaugnay ng mga isyung ibinabato laban kay Duterte. Iginiit ni Ortega na handa na ang House prosecution panel na iharap ang kanilang mga ebidensya at testigo sa pagsisimula ng paglilitis.

Nahaharap si Duterte sa apat na articles of impeachment kaugnay ng umano'y maling paggamit ng P612.5 milyong confidential funds, hindi maipaliwanag na yaman, panunuhol, at grave threats laban kina Pangulong Ferdinand Marcos Jr., First Lady Liza Araneta-Marcos, at dating House Speaker Martin Romualdez.

Nakatakdang magsimula ang impeachment trial sa Senado sa Lunes, July 6.



## Gutter-deep floods, naranasan sa Maynila nitong hapon ng Sabado matapos ang biglaang buhos ng ulan

Nagdulot ng gutter-deep na pagbaha sa lungsod ng Maynila ang biglaang buhos ng ulan na nagtagal ng 30 minuto nitong hapon ng Sabado, Hulyo 4.

Bunsod nito, napilitan ang mga motorista, siklista at pedestrians na lumusong sa tubig-baha sa ilang parte ng kalsada.

Naitala ang mga pagbaha sa kabisera partikular na sa may porsyon ng Taft Avenue, UN Avenue at T.M Kalaw.

Nakaapekto sa ilang lugar sa lungsod ang intermittent rains kung saan nagdadala naman ang hanging habagat ng pabago-bagong lagay ng panahon sa iba pang parte ng Luzon.

Ayon sa state weather bureau ang super typhoon Bavi na kasalukuyang nasa labas ng bansa ay inaasahang magpapaigting sa habagat sa mga susunod na araw.

Kaugnay nito, inaabisuhan ang publiko na mag-ingat lalo na sa mga nasa bahaing lugar at i-monitor ang opisyal na updates sa ulat ng panahon sa gitna ng posibleng pagpapatuloy ng mga pag-ulan.

## BoC, nagdeklara ng all-out war laban sa mga smuggling

Nagdeklara ng "all-out war" laban sa smuggling ang Bureau of Customs (BoC), kasabay ng pagpapatupad ng mahigpit na one-strike policy laban sa mga tauhang masasangkot sa katiwalian.

Ayon kay BoC Commissioner Ariel Nepomuceno, ang mga kamakailang pagkakakumpiska ng bilyong pisong halaga ng smuggled na sigarilyo ay magsisilbing babala at hudyat ng mas pinaigting na kampanya laban sa mga smuggler.

Giit niya, mananatiling mahigpit ang zero tolerance policy sa loob ng ahensya, at sinumang empleyado na mapapatunayang sangkot sa ilegal na gawain ay maaaring agad na matanggal sa pwesto.

Binigyang-diin din ng BoC na patuloy na nagiging mas sopistikado ang operasyon ng mga smuggling syndicates, kabilang ang paggamit ng mga private vessels upang makaiwas sa mga awtoridad.

Dahil dito, inatasan ang lahat ng collection districts na palakasin ang intelligence gathering, risk profiling, at enforcement operations.

Mas paiigtingin din ang koordinasyon ng BoC sa Philippine Coast Guard, Philippine Navy, Philippine National Police, National Bureau of Investigation, at mga lokal na pamahalaan.

Kasabay nito, tiniyak ng ahensya ang pagpapatuloy ang modernisasyon ng komisyon at mas pinaigting na intelligence-driven enforcement.

## Panawagang ideklara ang July 12 bilang 'National West Philippine Sea Victory Day,' muling inihirit

Muling nanawagan ang civil society coalition na 'Atin Ito' sa pamahalaan na ideklara ang Hulyo 12 bilang "National West Philippine Sea Victory Day" kasabay ng pagsisimula ng ika-10 anibersaryo ng makasaysayang arbitral ruling na kumilala sa karapatan ng Pilipinas sa West Philippine Sea (WPS).

Ayon kay Atin Ito co-convenor Rafaela David, mahalaga na mapanatili sa mga Pilipino ang tagumpay na kinikilala ang karapatan ng bansa sa pinag-aagawang karagatan. Aniya, makakatulong ito upang mapalakas ang kaalaman ng publiko at labanan ang maling impormasyon tungkol sa isyu.

Noong 2016, nagdesisyon ang Permanent Court of Arbitration sa The Hague pabor sa Pilipinas laban sa malawak na pag-aangkin ng China sa ilang pinag-aagawang karagatan sa WPS, at hindi kinikilala ng China ang naturang desisyon ng international court.

Una nang nagpasa ang Lungsod ng Cebu ng resolusyon na nagdedeklara ng Hulyo 12 bilang "West Philippine Sea Victory Day," na pinuri naman ng Department of National Defense bilang mahalagang hakbang sa pagpapaalala ng tagumpay ng bansa sa usapin ng karagatan.

May mga panukalang batas na rin na inihain sa House of Representatives noong 2019 at muling inihain noong 2023 upang gawing pormal na paggunita ang naturang petsa.

Samantala, daan-daang mangingisda mula Zambales ang nakiisa sa Atin Ito sa isang aktibidad kung saan bumuo sila ng imahe ng watawat ng Pilipinas at pariralang "WPS, ATIN ITO!" gamit ang halos 80 bangkang pangisda.





## 'Utang na loob', walang puwang sa mga pampublikong opisina't opisyal – Ombudsman

Binigyang diin ng Office of the Ombudsman na walang puwang ang kulturang 'utang na loob' sa mga opisyal ng gobyerno o pampublikong opisina. Pamilya at Pakikipagrelasyon

Sa inilabas na pahayag ng tanodbayan, mariin nilang ipinaalala na higit na mas mahalaga ang responsibilidad sa taumbayan kaysa pagtanaw ng utang na loob sa sinuman 'donor' ng isang lingkod bayan.

Bagama't nagbitiw ng ganitong kumento ang Ombudsman, binigyan pagkilala pa rin nito ang kaugalian Pilipino na 'utang na loob'.

Lalo pa't kung ito naman daw ay sa pagitan ng magkakapamilya, mga kaibigan at pati o miski mga kakilala, bilang pagtanaw at pagpapakita ng pasasalamat.

Nabanggit ang naturang termino o kaugalian Pilipino matapos kasuhan na ng Ombudsman si Senador Rodante Marcoleta, former Anakalusugan Partylist Rep. Mike Defensor at ilan pang indibidwal.Pamahalaan

Kinakaharap nila ang kasong 'plunder' at paglabag sa 'Presidential Decree No. 46' o ang pagbabawal sa mga opisyal ng gobyerno na tumanggap ng regalo.

Nag-ugat ang naturang mga kaso matapos aminin mismo ni Senador Marcoleta ang umano'y pagtanggap niya ng 'campaign donations'.

Ayon sa Ombudsman, buhat nang mangatwiran ang mambabatas na mayroon 'utang na loob' sa nadiskubreng aabot sa 75-milyon piso halaga ng donasyon, ito anila ang eksaktong dahilan kung bakit at kung para saan isinulat ang mga batas kontra 'plunder' at 'bribery'.

Kung kaya't sa kabila ng mga isinagawang ilang araw na 'rally' ng mga tagasuporta nito kasama ang mga miyembro ng Iglesia Ni Cristo, itinuloy pa rin ng tanodbayan ang pagsasampa nito ng mga kaso.

Gayunpaman sa makaraan mensahe ni Senador Marcoleta sa isa sa mga isinagawang 'rally' ng grupo, handa umano siyang maaresto kaugnay sa 'plunder case' ng Ombudsman laban sa kanya. Wala aniya siyang problema kung ito ang magiging kabayaran daw sa pagtanggol sa katarungan at interes ng mga Pilipino

Matapos pormal nang makasuhan ang senador, inaantabayanan ang susunod na magiging hakbang ng Sandiganbayan patungkol sa mga kaso.

Isa na rito ay ang posibilidad na mag-isyu ng 'warrant of arrest' ang korte kontra sa mambabatas upang makuha ng hukuman ang kustodiya ng akusado.



## DA, pinalalakas ang paghahanda sa posibleng epekto ng El Niño sa agrikultura

Pinalalakas ng Department of Agriculture (DA) ang kanilang paghahanda sa posibleng epekto ng El Niño phenomenon sa sektor ng agrikultura, kasabay ng babala na maaaring makaranas ang bansa ng matinding init, kakulangan sa ulan, at tagtuyot sa mga susunod na buwan.

Ayon kay Agriculture Secretary Francisco Tiu Laurel Jr., tuloy-tuloy ang kanilang irigasyon upang matulungan ang mga magsasaka na mapanatili ang kanilang produksyon.

Sinabi rin ng DA na pinalalawak na nito ang mga cold storage facility upang maayos na maimbak ang mga ani, mabawasan ang post-harvest losses, at hindi gaanong umasa ang bansa sa pag-aangkat ng mga produktong agrikultural.

Naglaan na rin ang pamahalaan ng financial assistance para sa mga magsasakang maaapektuhan ng El Niño.

Umaasa ang Pilipinas sa lokal na produksyon ng pagkain, kapag bumababa ang ani dahil sa paminsanang mga pag-ulan, maaari itong magdulot ng pagtaas ng presyo ng mga bilihin at pagtaas ng pangangailangan sa imported na produkto.

Nauna nang naglabas ang DA ng El Niño Alert batay sa mga projection ng Philippine Atmospheric, Geophysical and Astronomical Services Administration (PAGASA).

Ayon sa ahensya, may 79 porsiyentong posibilidad na maranasan ng bansa ang epekto ng El Niño na inaasahang magsisimula sa Hunyo, tatagal hanggang Agosto 2026, at posibleng umabot hanggang sa unang bahagi ng 2027.

Dahil dito, inaasahang mararanasan ang matinding init, kakulangan sa pag-ulan, at tagtuyot na maaaring magdulot ng malaking pinsala sa sektor ng agrikultura.

Kaugnay nito, muling nanawagan ang DA sa publiko na magtipid sa paggamit ng tubig upang matiyak ang sapat na suplay sakaling lumala ang epekto ng El Niño sa mga darating na buwan.

# Rep. Yamsuan, isinusulong ang iisang Emergency Medical Services System sa buong bansa





Isinusulong ni Parañaque 2nd District Rep. Brian Raymund Yamsuan sa Kamara ang pagtatatag ng isang unified at standardized Emergency Medical Services System (EMSS) sa buong bansa upang mapabilis at mapabuti ang agarang tulong medikal sa mga emergency.

Inihain ni Yamsuan ang House Bill 9474, layunin nitong magtakda ng pambansang pamantayan sa emergency response at palakasin ang pagsasanay at propesyonalisasyon ng mga medical first responder.

Ayon kay Yamsuan, mahalaga ang maayos na EMSS dahil ito ang unang linya ng tulong sa mga sakuna, aksidente, at iba pang emergency na maaaring magligtas ng buhay bago pa man makarating sa ospital. Bibigyang-diin din sa panukala ang koordinasyon ng mga ahensya tulad ng LGU, mga ospital, at emergency responders, at ang paggamit ng iisang emergency hotline 911 sa buong bansa.

Magkakaroon din ng EMSS Council sa ilalim ng DILG na tututok sa mga standard at sistema ng operasyon, habang ang Bureau of Fire Protection ang magsisilbing sekretariat.

Kasama rin sa panukala ang paglikha ng plantilla positions para sa EMS personnel at minimum standards para sa ambulansya at emergency vehicles.

Giit ni Yamsuan, layunin nito na matiyak na pantay at mabilis ang serbisyong medikal sa oras ng krisis, saan mang bahagi ng bansa.

"Bawat buhay ay mahalaga. Sa anumang krisis, dapat ay pantay-pantay ang paghahatid ng emergency services sa mga nangangailangan, anuman ang estado niya sa buhay (Every life matters. In any crisis, the delivery of emergency services should be equal for all those in need, regardless of one's status in life)," pahayag ni Rep. Yamsuan.

# Mahigit 36 toneladang basura, nahakot sa 2-araw na rally ng INC sa EDSA

Aabot sa mahigit 36 toneladang basura ang nakolekta ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA) matapos ang dalawang araw na rally ng Iglesia ni Cristo (INC) sa kahabaan ng EDSA-White Plains Avenue sa Quezon City.

Ayon sa MMDA, umabot sa mahigit 36.5 tonelada ng basura ang nahakot ng kanilang mga tauhan sa isinagawang cleanup operations kasunod ng pagtitipon noong Hunyo 30 at Hulyo 1.

Patuloy rin ang paglilinis sa lugar, kabilang ang pagsasaayos ng mga concrete barrier, pag-aalis ng mga debris, at paghakot ng natitirang basura upang maibalik ang kaayusan at matiyak ang kaligtasan ng mga motorista at pedestrian.

Samantala, inilipat sa Liwasang Bonifacio sa Maynila ang ikatlong araw ng rally nitong Huwebes matapos bawiin ng lokal na pamahalaan ng Quezon City ang permit para sa pagtitipon sa White Plains Avenue.

Batay sa tala ng mga awtoridad, mahigit 15,000 katao ang dumalo sa unang araw ng rally, habang tinatayang nasa 3,500 naman ang nakiisa sa ikalawang araw.

# Cayetano, kinondena ang pagsasampa ng kaso laban kay Marcoleta

Kinondena ni Senador Alan Peter Cayetano ang paghahain ng kasong plunder laban kay Senador Rodante Marcoleta, na aniya'y isang uri ng panggigipit sa mga kritiko ng pamahalaan at paraan upang mailihis ang atensyon ng publiko sa umano'y anomalya sa mga flood control project.

Ayon kay Cayetano, maaaring magkaroon ito ng "chilling effect" sa mga mambabatas at opisyal na nagsusulong ng pananagutan sa mga kasong may kaugnayan sa katiwalian, at iginiit niyang malinaw na harassment at kawalan ng hustisya ang nangyayari.

Nauna nang sinabi ng Office of the Ombudsman na naghahanda itong magsampa ng kasong plunder at indirect bribery laban kay Marcoleta kaugnay ng umano'y hindi pagdedeklara ng P75 milyong campaign donations, bagay na itinanggi ng senador at iginiit na legal ang lahat ng kanyang natanggap na donasyon. Samantala, nilinaw ng PNP-CIDG na wala pang inilalabas na warrant of arrest laban kay Marcoleta, ngunit nakahanda silang ipatupad ito sakaling maglabas ng kautusan ang korte.

Sa kabuuan, nananatiling mainit na usapin ang kaso ni Marcoleta na nakikita ng ilan bilang pagsubok sa integridad ng pamahalaan at sa proseso ng hustisya sa bansa.

# Sen. Raffy Tulfo, pinahahanap ang pulis na nasa viral video ng INC rally



Nais ni Senator Raffy Tulfo na matukoy at mapasailalim sa retraining ang isang pulis na makikita sa viral video kaugnay ng insidente sa rally na pinangunahan ng Iglesia ni Cristo (INC) malapit sa People Power Monument sa Quezon City.

Sa pagdinig ng Senate Committee on Public Services nitong Huwebes, sinabi ni Tulfo na hindi umano naipagtanggol ng pulis ang isang motorcycle rider na hinarang at sinaktan ng ilang kalahok sa rally matapos nitong tangkaing dumaan sa kahabaan ng EDSA. Ayon sa senador, makikita sa video na napalibutan ang rider ng mga raliyista, kung saan siya ay sinigawan, kinuha ang susi ng motorsiklo, at may ilan umanong nagbanta pang siya'y papatayin.

"Yung tao overwhelmed na siya ng mga rallyista, sinisigawan siya, kinuha ang susi niya. At yung isa pa doon, binantaan siyang papatayin. Tapos ngayon, siya pa ang pagagalitan ng pulis. I want that policeman identified and isalang siya sa retraining program," ani Tulfo.

Bilang tugon, sinabi ni Philippine National Police Regional Legal Office chief Police Col. Ehdel Pereira na sisikapin nilang matukoy ang pagkakakilanlan ng pulis na nasa video.

Dagdag pa ni Pereira, magsasagawa rin ang Philippine National Police ng karagdagang pagsasanay para sa kanilang mga tauhan upang mas maging handa sa paghawak ng mga kahalintulad na sitwasyon.

Matatandaang nag-viral ang insidente matapos halos mapaligiran ng mga kalahok sa rally ang motorcycle rider na nagtangkang dumaan sa EDSA na imbes umanong ipagtanggol at pigilan ang mga nangbubulyaw ay ang rider pa umano ang pinagalitan.

Isinagawa ang rally bilang pagpapahayag ng suporta kay Senator Rodante Marcoleta, na naharap sa posibilidad ng reklamong plunder kaugnay ng umano'y hindi idineklarang campaign donations.

# DepEd, nagbabala laban sa bomb threats at pagdadala ng deadly weapon sa mga paaralan



Nagpaalala ang Department of Education (DepEd) na mahigpit na ipinagbabawal ang bomb threats at pagdadala ng mga deadly weapon sa loob ng mga paaralan.

Ayon sa DepEd, kabilang ang mga ito sa pinakamabibigat na paglabag o third-level offenses sa ilalim ng bagong Guidelines Ensuring a Safe and Motivating Learning Environment ng ahensya.

Sinabi ni Education Secretary Sonny Angara na hindi papayagan ng kagawaran ang anumang banta sa kaligtasan ng mga mag-aaral at nananatiling prayoridad ang pagpapanatiling ligtas at mapayapa ang mga paaralan.

Sa ilalim ng mga alituntunin, ang mga mag-aaral na mapatutunayang sangkot sa bomb threats, pagdadala ng baril, pampasabog, ilegal na droga, at iba pang mabibigat na paglabag ay maaaring hindi na payagang makapag-enroll sa susunod na school year o tuluyang maalis sa paaralan.

Awtomatiko rin silang ire-refer sa mga law enforcement at social welfare agencies.

# Magkalaguyong pulis ng PRO-13, huling nagtatalik sa Butuan City

Kinumpirma ni Police Regional Office-12 Regional Director PBGen Marcial Mariano Magistrado IV sa pamamagitan ng kanyang inilabas na official statement ang naunang kumalat na impormasyong caught on the act ang magkalaguyong pulis na nahuling nagtatalik sa inuupahang silid sa Brgy. Bayanihan, Butuan City.

Lumabas sa isinagawang imbestigasyon na parehong may asawa ang dalawa at aktibong miyembro ng kanilang regional office, na nahuli mismo ng asawa ng babaeng pulis kung kaya't sinampahan na sila ng kasong adultery at concubinage pati na rin ng kasong administratibo.

Nagbabala si General Magistrado sa lahat ng kanilang mga tauhan na hindi niya palalampasin ang mga kahihiyang gawain na makasisira sa kanilang uniporme at sa reputasyon ng kanilang organisasyon.

Tiniyak din niya sa publiko na walang ibibigay na espesyal na trato sa mga sangkot na kasapi.

# Padilla, may pakiusap: 'Sa mga kababayan nating hindi nadalan ng maleta pero nagtutulog-tulugan'

Nakiusap si senator Robin Padilla sa publiko sa kanyang talumpati sa ikatlong araw ng peace rally ng Iglesia ni Cristo (INC) sa Liwasang Bonifacio sa Maynila kahapon ay "sa mga kababayan nating hindi nadalan ng maleta pero nagtutulog-tulugan."

Umaasa si Padilla na magiging mapagmatyag ang mga Pilipino sa mga nangyayari sa bansa.

Binanggit din niya na posible siyang kasuhan ng obstruction of justice kaugnay ng umano'y pagtulong kay senator Ronald "Bato" Dela Rosa na makatakas sa kostodiya ng Senado noong Mayo 14.

Ayon kay sen. Robin na iniisa-isa na umano sila at maaari rin daw na maglabas ng warrant of arrest ang International Criminal Court (ICC) laban sa kanya.

"Iniisa-isa na po kami. Hindi magtatagal, ma-sho-shoot na naman ako. Ang katanungan na lang ngayon kung ako ba ay i-sho-shoot dito o ipadadala ako sa [The] Hague," saad ni Padilla. Gayunpaman, nauna nang nilinaw ni ICC-accredited Assistant to Counsel Kristina Conti na ang pananagutan niya sa bansa ay 'walang kaugnayan sa international tribunal.

"Kasi 'yong kaso ko, obstruction of justice, ang warrant of arrest galing sa ICC e. Dayuhan. Wala naman akong obstruction of justice dito… Foreign ang kaso ko. Isang malaking karangalan na rin, at least 'di ba? Nandito tayo sa Liwasang Bonifacio—gumanap akong Bonifacio at ang kalaban ko dayuhan!" dagdag pa niya.

Hinikayat din ni Padilla ang publiko na huwag umanong manatiling tahimik sa mga isyung kinahaharap ng bansa.

Aniya, patuloy siyang magsasalita para sa mga Pilipino sa kabila ng mga kinahaharap na isyu.

"Hindi n'yo pupwedeng sabihin na: 'Hindi, okay lang ako. Bahala na ako sa buhay ko.' Hindi po pupwedeng gano'n," giit niya.

"Dahil ako ang sarap na ng buhay ko! Ang ganda ng asawa ko, bata 'yong asawa ko. Puwede naman akong mag-artista, ang daming leading lady! Pero nagtitiis ako para sa inyo!"



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**REGIONAL TRIAL COURT**
**BRANCH 254, LAS PIÑAS CITY**
Email Address: rtc2lpn254@judiciary.gov.ph
Cellphone No. 0956-4228843

IN RE: PETITON FOR RECOGNITION OF FOREIGN JUDGMENT OF DIVORCE AND DECLARATION OF CAPACITY TO REMARRY under Article 26 of the Family Code

**NESTOR D. DELOS SANTOS JR.,**
Petitioner,

-versus-

SP. PROC. NO. 26-0035

**PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY AND LOCAL CIVIL REGISTRAR OF CITY OF LAS PIÑAS,**
Respondents.
x--------------------------------------------x

## ORDER

This is a verified Petition dated April 27, 2026, filed by petitioner Nestor D. Delos Santos Jr., praying that the foreign divorce obtained by petitioner against the private respondent be judicially recognized; declaring the marital bond between the parties severed as a result thereof and declaring that the petitioner is capacitated to remarry; ordering the Civil Registrar General-Philippine Statistics Authority and the Local Civil Registrar of Las Piñas to annotate the divorce decree on the Certificate of Marriage of the parties; and ordering the local civil registrar to register and record the judgment (recognizing the divorce) of the Honorable Court on this Petition.

Finding the petition to be sufficient in form and substance, the same is hereby given due course.

Accordingly, the petition is set for hearing on **July 29, 2026 at 8:30 in the morning** in its sala located at 3rd Floor, Hall of Justice, City Hall Compound, Las Piñas City, at which place, date and time, any interested person may appear and show cause why the petition should not be granted.

Let this Order be published in a newspaper of general circulation once a week for three (3) consecutive weeks, conformably with P.D. 1079.

The petitioner is likewise ordered to furnish copies of the petition to the Office of the Solicitor General, the Civil Registrar General of the Philippine Statistics Authority and Office of Civil Registry, Las Piñas City.

Also, furnish the Office of the Solicitor General, the Office of the Civil Registrar of Las Piñas City, the Office of the Civil Registrar General, Philippine Statistics Authority, Quezon City, as well as the Office of the City Prosecutor of Las Piñas City and Iana Kondratenko with Copies of this Order.

SO ORDERED.

Las Piñas City, May 5, 2026.

**(SIGNED)**
**HAROLD CESAR C. HULIGANGA**
Presiding Judge

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: June 29, July 06 & 13, 2026**




**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT AND EX-OFFICIO SHERIFF**
**QUEZON CITY**
**E-mail Address: rtc1qznocc@judiciary.gov.ph**
**Mobile No. 09155083986**

**PHILIPPINE NATIONAL BANK, In its capacity as assignee-mortgagee of PNB Savings Bank,**
Mortgagee/s,

**FRE NO. 16612**

-versus-

**SPS. RIZALY T. ASTUDILLO AND LEMUEL A. ASTUDILLO AND REYSON M. TRINIDAD,**
Debtors/Mortgagors.
x----------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)

UPON extra-judicial petition under ACT 3135, as amended by ACT 4118, and pursuant to the terms and conditions of the **Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate)** executed on **May 27, 2019,** by **REYSON M. TRINIDAD for himself and as Attorney-In-Fact of SPS. RIZALY T. ASTUDILLO AND LEMUEL A. ASTUDILLO,** - 1.) Unit D, 22nd Floor Centro Tower, No. 138 N. Domingo St., Brgy. Kaunlaran, Cubao, Quezon City; 2.) #8 Ledesma St., Aurora Hill, Baguio City; 3.) 2512 Guadalajara Drive, Modesto, California 95355, United States of America – Debtors/Mortgagors, in favor of **PHILIPPINE NATIONAL BANK, in its capacity as assignee-mortgagee of PNB Savings Bank, Mortgagee/s,** to satisfy the mortgage debt as per latest Statement of Account issued as of **April 30, 2026,** the obligation amount of **Php3,916,278.21** inclusive of interests, penalties and other agreed charges; and other additional sums as may due; the Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Quezon City and/or his duly authorized Deputy Sheriff, hereby announces that on **August 11, 2026,** between the hours of 9:00 A.M. and 4:00 P.M., at the Office of Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City, will **SELL** through public auction to the highest bidder and for cash, in Philippine currency, the following described real property/ies with all the improvements existing thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 004-2020013782**
**Registry of Deeds-Quezon City**

"CENTRO TOWER

22ND FLOOR
UNIT NUMBER - UNIT D
DESCRIPTION - 2 BR. FLAT
37.70 SQ.M.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling of master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2013004505 which embraces and describes the land located at #138 N. DOMINGO ST., BRGY. KAUNLARAN, CUBAO, QUEZON CITY with an area of EIGHT HUNDRED NINETY-SEVEN (897) Square Meter x x x"

All sealed bids must be submitted to the undersigned at the aforesaid Office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title/s to the said property/ies and the encumbrances thereon, if there be any.

In the event that public auction should not take place on said date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday or for any other lawful/ valid reasons, it shall be held on **August 18, 2026** at the same time and place without further notice.

Quezon City, Metro Manila, June 30, 2026.

**(SIGNED)**
**DAISY B. OBRA**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**GREGORIO C. TALLUD**
Clerk of Court VII and Ex-Officio Sheriff

Copy Furnished:

**PHILIPPINE NATIONAL BANK**
**BY: MARY ANN A. BRIÑAS**
Foreclosure Division-Remedial Accounts Management Group
PNB Financial Center, Pres. Diosdado P. Macapagal Boulevard, Pasay City

**TELAN HIPE FLORES TELAN & ASSOCIATES**
No. 81 West Capitol Drive, Bo. Kapitolyo, Pasig City

**SPS. RIZALY T. ASTUDILLO AND LEMUEL A. ASTUDILLO and REYSON M. TRINIDAD**
Unit D, 22nd Floor Centro Tower, No. 138 N. Domingo St., Brgy. Kaunlaran, Cubao, Quezon City

**SPS. RIZALY T. ASTUDILLO AND LEMUEL A. ASTUDILLO and REYSON M. TRINIDAD**
#8 Ledesma St., Aurora Hill, Baguio City

**SPS. RIZALY T. ASTUDILLO AND LEMUEL A. ASTUDILLO and REYSON M. TRINIDAD**
2512 Guadalajara Drive, Modesto, California 95355, United States of America

WARNING:
It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of the auction sale under penalty of the law

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: July 06, 13 & 20, 2026**

# DepEd, hindi papayagang makapag-enroll ang mga estudyanteng gumagawa ng bomb threat o joke

Nagbabala ang Department of Education na hindi na papayagang makapag-enroll sa susunod na school year ang mga estudyanteng gumagawa ng bomb threat o kahit bomb joke. Ayon sa DepEd, kabilang ito sa third level offense, ang pinakamataas na antas ng paglabag, dahil nagdudulot ito ng panic, naaantala ang klase, at maaari pang humantong sa kasong kriminal.

Sinabi ni Education Secretary Sonny Angara na hindi kailanman dapat ituring na biro ang bomb threats, mapanganib na prank, at fake news dahil nalalagay sa panganib ang kaligtasan ng mga mag-aaral at naaapektuhan ang pag-aaral.

Sa ilalim ng DepEd Order No. 006, series of 2026, ang unang paglabag ay magreresulta sa non-readmission, kung saan matatapos pa ng estudyante ang kasalukuyang school year ngunit hindi na siya makapag-e-enroll sa susunod na taon at ire-refer sa mga kaukulang ahensya.

Ang ikalawang paglabag naman ay hahantong sa agarang exclusion o pagtanggal sa paaralan.

Samantala, ang pagpapakalat ng fake news o prank na nagdudulot ng kalituhan sa paaralan ay itinuturing na minor offense at may kaukulang parusa depende sa dami ng paglabag.




Inilabas ng DepEd ang babala matapos kumalat ang fake news hinggil sa umano'y pamamaril sa Bagong Silangan High School sa Quezon City, na nagdulot ng panic sa mga magulang at estudyante.

Lumalabas sa imbestigasyon na isang malakas na ingay mula sa katabing construction site ang napagkamalang putok ng baril, habang patuloy na tinutukoy ng mga awtoridad ang pinagmulan ng fake messages.

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
**REGIONAL TRIAL COURT**
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**OFFICE OF THE EX-OFFICIO SHERIFF**
QUEZON CITY
Email Address: rtc1qznocc@judiciary.gov.ph
Mobile No. 09155083986

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**FRE NO. 16572**

-versus-

**SPOUSES MILDRED MARASIGAN GUITGUIT AND DONDE MEDIANO GUITGUIT AS REPRESENTED BY THEIR ATTORNEY-IN-FACT, INGRID MONTIANO GUNDA,**
Debtors/Mortgagors.
x---------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE OF REAL PROPERTY UNDER ACT 3135 (AS AMENDED)

UPON extra-judicial petition under ACT 3135, as amended by ACT 4118, and pursuant to the terms and conditions of the Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate) and Supplemental Terms and Conditions of the Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate) executed on **April 28, 2022,** by **INGRID MONTIANO GUNDA,** as attorney-in-fact of **SPOUSES MILDRED MARASIGAN GUITGUIT AND DONDE MEDIANO GUITGUIT,** Debtors/Mortgagors – Topaz Street, Filloville Subdivision, Calauag Naga City Camarines Sur 4400; / Unit 301B 3rd Floor, Commonwealth by Century Quirino East Building, Barangay (University) Matandang Balara, Quezon City / Unit 301B 3rd Floor, Commonwealth by, Century, Quirino East Building, Don Antonio Drive, Barangay Batasan Hills, Quezon City / 18 KIRKLEE LANE, POKENO, WAIKATO 2402, NEW ZEALAND, in favor of **BDO UNIBANK, INC., Mortgagee/s,** to satisfy the mortgage debt in the amount of **P5,340,377.15** as of **May 20, 2026,** including interests, penalties, and expenses incidental thereto, the Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Quezon City and/or his duly authorized Deputy Sheriff, hereby announces that on **AUGUST 17, 2026** between the hours of 9:00 A.M. to 4:00 P.M., at the Office of Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Hall of Justice Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City, will **SELL** through public auction to the highest bidder and for cash, in Philippine currency, the following described real property/ies with all the improvements existing thereon, to wit:

**CONDOMINIUM CERTIFICATE OF TITLE**
**NO. 004-2024020039**
**Registry of Deeds-Quezon City**

COMMONWEALTH BY CENTURY

QUIRINO EAST
FLOOR LEVEL : 3RD FLOOR
UNIT NO.: 301B
UNIT AREA: 37.86 SQ. M.

In the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on Transfer Certificate of Title 2017010839 which embraces and describes the land located at BARANGAY (UNIVERISITY) MATANDANG BALARA, QUEZON CITY, METRO MANILA with an area of ONE THOUSAND NINE HUNDRED SIXTY-THREE (1,963) Square Meter.

All sealed bids must be submitted to the undersigned at the aforesaid Office on the above stated date and time.

Interested parties are hereby enjoined to investigate for themselves the title/s to the said property/ies and the encumbrances thereon, if there be any.

In the event that public auction should not take place on said date due to fortuitous event or if the same be declared a non-working holiday or for any other lawful/valid reasons, it shall be held on **AUGUST 24, 2026** at the same time and place without further notice.

Quezon City, Metro Manila, **JUNE 30, 2026.**

**(SINGED)**
**FREDERICK L. VILLAS**
Sheriff IV

**(SIGNED)**
**GREGORIO C. TALLUD**
Clerk of Court VII & Ex-Officio Sheriff

Copy Furnished:

**BDO UNIBANK, INC.**
CONSUMER REMEDIAL MANAGEMENT UNIT
33RD Floor, BDO Corporate Center Ortigas
No. 12, ADB Avenue, Mandaluyong City

**SPOUSES MILDRED MARASIGAN GUITGUIT AND DONDE MEDIANO GUIGUIT AS REPRESENTED BY THEIR ATTORNEY-IN-FACT INGRID MONTIANO GUNDA, Debtors/Mortgagors**

-Topaz Street, Filloville Subdivision, Calauag Naga City Camarines Sur 4400;

Unit 301B 3rd Floor, Commonwealth by Century Quirino East Building, Barangay (University) Matandang Balara, Quezon City /

Unit 301B 3rd Floor, Commonwealth by Century, Quirino East Building, Don Antonio Drive, Barangay Batasan Hills, Quezon City

-18 KIRKLEE LANE, POKENO, WAIKATO 2402, NEW ZEALAND,

WARNING:
It is absolutely prohibited to remove, deface or destroy this Notice of Sheriff's Sale on or before the date of the auction sale under penalty of the law

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: July 06, 13 & 20, 2026**

# 1,500 estudyante sa Taguig, benepisyaryo ng libreng college entrance exam review

Tinatayang nasa 1,500 incoming Grade 12 students ang sumasailalim sa libreng college entrance examination review sa ilalim ng Academic Competency and College Entry Support System (ACCESS) ng Pamahalaang Lungsod ng Taguig.

Inilunsad ang 10-linggong programa noong Mayo 23 sa pakikipagtulungan ng Taguig City University (TCU) at Department of Education (DepEd) Taguig at Pateros.

Idinaraos ang review tuwing Sabado hanggang Hulyo 25 at sumasaklaw sa English, Mathematics, Science, Filipino, Social Science, Analytical Reasoning, at General Information.

Ayon sa lungsod, agad na napuno ang 1,500 slot ng programa, na nagpapakita ng mataas na interes ng mga estudyante sa libreng paghahanda para sa college entrance examinations.

Sinabi ni Mayor Lani Cayetano na layunin ng ACCESS na mabigyan ng mas mahusay na paghahanda at pantay na pagkakataon ang mga kabataang Taguigeño na makapasok sa kanilang target na mga unibersidad.

"Sa pamamagitan ng ACCESS, binibigyan natin ang ating mga incoming Grade 12 students ng mas matibay na paghahanda para sa college entrance examinations. Nais nating mabigyan sila ng pantay na pagkakataong makapasok sa mga unibersidad na kanilang pinapangarap," pahayag ni Mayor Cayetano.

Hinimok naman ni Mayor Lani ang mga participants i-take advantage ang nasabing oportunidad.

Pinasalamatan din ng alkalde ang pamunuan ng Taguig City University, DepEd Taguig at Pateros dahil sa kanilang patuloy na partnership sa pagpapatupad ng nasabing programa.



"Natutuwa ako na agad napuno ang mga slot para sa ACCESS ngayong taon. Ipinapakita nito ang determinasyon ng ating mga kabataan na makapagpatuloy sa kolehiyo. Kaya hinihikayat ko ang lahat ng ACCESS recipients na sulitin ang pagkakataong ito—dumalo sa bawat review session, makinig sa inyong mga instructors, at tapusin ang programa. Ang ACCESS ay bunga ng suporta ng ating mga taxpayers at ng ating paniniwala na ang edukasyon ang isa sa pinakamahalagang puhunan para sa kinabukasan ng bawat kabataang Taguigeño," wika ni Mayor Lani Cayetano



CHARISMATIC OUTREACH MINISTRIES FOUNDATION, INC.

By
**Bro. Ernie Acayan**

**Mateo 3:2**
**"Ganito ang Kanyang sinasabi, "Magsisi kayo at talikuran ang inyong mga kasalanan sapagkat malapit nang dumating ang kaharian ng langit!"**

## TUNAY NA PAGSISISI

**Sapat na ba ang paghingi ng tawad sa Dios upang sabihing tunay ang ating pagsisisi?**

**Gawa 26:20**
**"Nangaral ako, una sa Damasco, saka sa Jerusalem at sa buong lupain ng Judea, at gayundin sa mga Hentil. Ipinangaral kong dapat silang magsisi't tumalikod sa kanilang mga kasalanan, lumapit sa Diyos, at ipakita ang kanilang pagsisisi sa pamamagitan ng mga gawa."**

**Ano ang mga dapat nating gawin upang ipahayag na tayo'y nagsisisi.**

**1) May buhay-panalangin. Ang tunay na may ugnayan sa Dios ay sa pamamagitan ng isang lumalagong buhay-panalangin. Kailangan ito upang lumago ang isang mananampalataya sa kanyang pananampalataya. Ito'y hindi isang suwestiyon kundi utos ng Dios.**

**1 Tesalonica 5:17**
**"...palagi kayong manalangin..."**

**Ito ay isang utos upang lumago tayo sa pagkakakilala kay Hesus at magkaroon ng malalim na relasyon sa Kanya.**

**Ang panalangin ay paraan upang tayo ay makatanggap sa Kanya at magawa natin ang Kanyang kalooban.**

**Juan 15:5**
**"Ako ang puno ng ubas at kayo ang mga sanga. Ang nananatili sa Akin, at Ako sa kanya, ang siyang nagbubunga nang sagana, sapagkat wala kayong magagawa kung kayo'y hiwalay sa Akin."**

**2) May bagong uri ng pamumuhay. Ang tunay na pagsisisi ay ang pagtalikod sa lumang pamumuhay at paglandas ng isang bagong buhay na kasama si Kristo.**

**2 Cor.5:17**
**"Kaya't kung nakipag-isa na kay Cristo ang isang tao, isa na siyang bagong nilalang. Wala na ang dati niyang pagkatao, sa halip, ito'y napalitan na ng bago. "**

**3) Ang taong nagsisi ay may bago ng kaisipan.**

**Roma.12:2**
**"Huwag kayong makiayon sa takbo ng mundong ito. Sa halip, hayaan ninyong baguhin ng Diyos ang inyong pag-iisip upang maunawaan ninyo ang kanyang kalooban. Sa gayon, magagawa ninyo kung ano ang mabuti, kalugud-lugod at ganap na kalooban ng Diyos."**

**Ang taong may bago ng kaisipan ay ang makatatanggap ng pangunawa sa mga pahayag ng Dios.**

**Efeso 4:23-24**
**"**
**Magbago na kayo ng diwa at pag-iisip; at ang dapat ninyong isuot ay ang bagong pagkatao na nilikhang kalarawan ng Diyos, at nahahayag sa matuwid at banal na pamumuhay ayon sa katotohanan.**

**Gayun din naman, siya ay may kakayahang tumanggi sa alok ng laman, ng mundo at ng demonyo.**

**1 Juan 3:9**
**" Ang mga anak ng Diyos ay hindi nagpapatuloy sa pagkakasala, sapagkat nananatili sa kanila ang binhing mula sa Diyos. At dahil ang Diyos ang ama nila, hindi sila maaaring magpatuloy sa pagkakasala."**

**TO GOD BE THE GLORY.**

# 4 na bagong fault zones, natuklasan sa Luzon

Natuklasan ng mga mananaliksik ang apat na bagong fault zones sa ilalim ng dagat sa kanlurang bahagi ng Luzon.

Ang pag-aaral na ito ay pinangunahan ng mga eksperto mula sa UP Marine Science Institute (UP MSI), kasama ang DOST-PHIVOLCS at UP-National Institute of Geological Sciences (UP-NIGS).

Ang mga bagong natukoy na fault zones ay nagsisilbing "branches" na lumalabas mula sa pangunahing Philippine Fault Zone.

Ang isa sa mga bagong branches nito ay humahaba at umaabot hanggang sa Manila Trench. Ito ay isang aktibong undersea trench na maaaring pagmulan ng malalakas na lindol at tsunami.

Dahil sa fault zone na ito, nakikitang tila hinahati nito ang Manila Trench sa dalawang magkahiwalay na bahagi.

Nabuo ang mga bagong bitak na ito dahil sa matinding puwersa o pagka-ipit ng Pilipinas sa pagitan ng dalawang malalaking tipak ng lupa o tectonic features.

Itinutulak ang bansa ng Palawan Microcontinental Block mula sa timog-kanluran, habang tinutulak naman ito ng Philippine Rise o dating Benham Rise mula sa hilagang-silangan.

Ang pagkakaroon ng mapa ng mga bagong fault na ito ay malaking tulong upang mas madaling malaman ng mga siyentipiko kung saan posibleng tumama ang mga susunod na malalakas na lindol.

Nakatutulong ang pag-aaral na ito sa paggawa ng mas tumpak na "hazard assessments" upang mapabuti ang paghahanda ng pamahalaan at mamamayan laban sa banta ng lindol at tsunami sa Luzon.

# Bilang ng mga rebeldeng sumusuko sa ilalim ng pamahalaan sa Rehiyon 2, dumarami

Ipinaalam ni Lt. Col. Ericson Bulosan, Commanding Officer ng 95th Infantry (Salaknib) Battalion, dumarami na ang bilang ng mga rebeldeng sumusuko sa pamahalaan sa Rehiyon 2.

Sinabi niya na ang mga sumusuko ay kabilang sa mga armadong grupo na naiwan sa iba't ibang barangay sa Isabela.

Paliwanag niya na nang sila ay sumuko, isinuko rin nila ang kanilang mga armas.

Sabi niya na kabilang sa mga isinukong baril ang isang grant, M16 rifle, carbine, improvised explosive device, at mga bala.

Aniya, nakatatanggap sila ng matinding suporta mula sa mga kilalang personalidad o grupo, kabilang ang mga miyembro ng New People's Army.

Idinagdag niya na ang buong Rehiyon 2 o Cagayan Valley ay idineklara nang insurgency free.

Samantala, nabatid na ang mga pangunahing dahilan ng ganap na pagbabalik-loob ng mga rebelde sa pamahalaan ay ang hindi pagtupad sa mga pangakong binitiwan sa kanila at ang pagnanais nilang mamuhay nang payapa kasama ang kanilang mga pamilya.

**Republic of the Philippines**
**National Capital Judicial Region**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**Regional Trial Court of Manila**
rtc1mnlocc@judiciary.gov.ph
0991-958-7864/(02)5310-0290

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**Foreclosure No. 26-5070**

- versus -

**JOHNNATTAN SUSANO DE GUZMAN, MARRIED TO MARY DAWN SORONGON DE GUZMAN,**
Debtors/Mortgagors,
x---------------------------------------------------x

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed on May 28, 2026, against the mortgagors, **JOHNNATTAN SUSANO DE GUZMAN, MARRIED TO MARY DAWN SORONGON DE GUZMAN,** with postal addresses at (1) Lot 13, Block 6, Kenko Street, Airport View Subdivision, Barangay Moonwalk Subdivision, Parañaque City 1709; and (2) Unit 511, 5th Floor, Tower 1, Amaia Skies Avenida, T. Mapua corner Doroteo Jose Streets and Rizal Avenue, Barangay Sta Cruz, Manila, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of May 22, 2026, amounts to PESOS: **ONE MILLION SIX HUNDRED FORTY-NINE THOUSAND SEVEN HUNDRED NINETY-NINE and 55/100 (Php1,649,799.55)**[1] pursuant to the Real Estate Mortgage[2], the undersigned Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Manila, through her deputy, Sheriff RHEYCEL O. LOYOLA, will sell at public auction on **August 4, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 2:00 o'clock in the afternoon, in front of the Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court, Manila, Room 400, 4th floor, Manila City Hall, to the highest bidder, for cash or manager's check and in Philippine Currency, the following property/ies with all its improvements, more particularly described as follows:

**Condominium Certificate of Title**
**No. 002-2021000619**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

UNIT NO. 511 – A STUDIO UNIT, LOCATED AT THE 5TH FLOOR LEVEL OF AMAIA SKIES AVENIDA TOWER 1, WITH AN AREA OF 18.60 SQUARE METERS, MORE OR LESS.

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2013000056; 2013000057; 2013000058; 2013000059; 2013000060 which embraces and describes the land located at T. MAPUA CORNER DOROTEO JOSE STREETS AND RIZAL AVENUE, STA. CRUZ, MANILA with an area of (2,280.00, 504.00, 350.00, 991.00 & 2,647.38) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: JOHNNATTAN SUSANO DE GUZMAN MARRIED TO MARY DAWN SORONGON DE GUZMAN, BOTH OF LEGAL AGE, FILIPINO**
**Address:** BLOCK 6 LOT 13 KENKO STREET AIRPORT VIEW SUBDIVISION BARANGAY MOONWALK PARAÑAQUE CITY 1709

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **August 19, 2026** without further notice.

City of Manila, Philippines, June 15, 2026.

**(SIGNED)**
**SHAIRA A. QUERUBIN**
Acting Clerk of Court[3] & Ex-Officio Sheriff

**(SIGNED)**
**RHEYCEL O. LOYOLA**
Sheriff-in-Charge

Copy furnished:

**BDO UNIBANK, INC.**
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City

**JOHNNATTAN SUSANO DE GUZMAN**
**MARY DAWN SORONGON DE GUZMAN**
(1) Lot 13, Block 6, Kenko Street, Airport View Subdivision, Barangay Moonwalk Subdivision, Parañaque City 1709
(2) Unit 511, 5th Floor, Tower 1, Amaia Skies Avenida, T. Mapua corner Doroteo Jose Streets and Rizal Avenue, Barangay Sta Cruz, Manila

**NOTE/S:**

Failure to attend at the auction sale, despite proper notice, shall be construed as a waiver. Accordingly, the auction sale shall be held as scheduled.

The mortgagee is required to submit an updated Statement of Account before the auction sale.

**WARNING:**

It is absolutely prohibited to remove, destroy or deface this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale, under the penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: July 06, 13 & 20, 2026**

# Klase sa Cainta High School, naantala matapos ang mga banta ng pamamaril

Naantala ang morning classes sa isang pampublikong high school sa Cainta, Rizal matapos makatanggap ng magkakasunod na banta ng pamamaril at bomb treat na kumalat sa social media noong Biyernes.Mga Mapa

Ayon sa Cainta police, naka-heightened alert ang mga awtoridad at patuloy ang imbestigasyon sa mga serye ng banta laban sa Francisco P. Felix Memorial National High School.

Nagsimula ang insidente noong Huwebes ng hapon nang lumabas sa social media ang mga banta mula sa mga pinaniniwalaang dummy accounts.Agad na rumesponde ang provincial explosive and canine unit at nagsagawa ng masusing inspeksyon sa buong paaralan gamit ang K-9 units.

Matapos ang operasyon, idineklara ng mga awtoridad na ligtas at walang natagpuang pampasabog sa loob ng campus.Patuloy namang naka-deploy ang Cainta Municipal Police Station sa paaralan upang tiyakin ang seguridad ng mga mag-aaral at kawani. Nanawagan ang pamunuan ng eskwelahan sa mga estudyante, guro, at magulang na manatiling kalmado at iwasan ang pagpapakalat ng hindi kumpirmadong impormasyon na maaaring magdulot ng panic.Primera at Sekondaryang Pag-aaral (K-12)




# China, inirekomenda ang common fishing area sa Bajo de Masinloc

Nagsumite ng panukala ang Ambassador ng China sa Pilipinas na si Jing Quan sa Department of Foreign Affairs (DFA) na magkaroon ng common fishing area sa Bajo de Masinloc o kilala rin sa tawag na Panatag Shoal, para mapahupa ang tumintinding tensyon sa pinagtatalunang karagatan.

Ito ay para aniya tularaan ang matagumpay na modelo sampung taon na ang nakalilipas, kung saan nagtalaga ng isang common fishing area. Noon aniya, magkasamang mapayapang nangingisda ang mga Pilipino at Tsinong mangingisda. Kung nagawa aniya ito sa nakalipas na dekada, bakit hindi aniya ito gawin ngayon.

Ang common fishing area sa pagitan ng China at Pilipinas ay sa Scarborough Shoal, na mayaman sa coral



na matatagpuan 120 nautical miles ng baybayin ng Zambales na nagsisilbing traditional fishing ground ng mga mangingisdang Pilipino, Tsino, Taiwanese at Vietnamese.

Samantala, inirerekomenda rin ng Chinese envoy ang pagpapalawig pa ng kooeprasyon sa joint oil at gas development sa disputed waters kabilang na ang pamumuhunan sa agrikultura, solar energy, waste-to-energy projects at electric vehicles.

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
**NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION**
**REGIONAL TRIAL COURT**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**CITY OF MANILA**
rtc1mnlocc@judiciary.gov.ph
0991-958-7864 / (02) 5310-0290

**BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS**
Petitioner-Mortgagee,

**Foreclosure No. 26-5083**

-versus-

**CATHERINE DUCUSIN BARROGA**
**AND DIANE BALSARZA AVILA**
Respondents/-Mortgagors,/-Borrowers
x-------------------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL FORECLOSURE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed on June 16, 2026 against the mortgagors, **CATHERINE DUCUSIN BARROGA AND DIANE BALSARZA AVILA** with residence and postal addresses at (1) 1701 A. MARIA CLARA STREET, BARANGAY 482, SAMPALOC, MANILA (2) 40 EVERLASTING STREET, PAYATAS A., QUEZON CITY (3) UNIT NO. 10F-88, BUILDING 13-Q75, URBAN DECA HOMES MANILA, VITAS STREET, TONDO, MANILA, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of June 3, 2026, amounts to PESOS: **TWO MILLION SIXTY FIVE THOUSAND SIX HUNDRED TWENTY AND 73/100 (Php 2,065,620.73)**[1] pursuant to the Uniform Loan and Mortgage Agreement,[2] the undersigned Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Manila, through her deputy, **Sheriff Bonifacio Jojie T. Magpantay** will sell at public auction on **August 10, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 2:00 o'clock in the afternoon, in front of the Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court of Manila, 4th Floor, Room 400, Manila City Hall, to the highest bidder, for cash or manager's check and in Philippine Currency, the following property with all its improvements, more particularly described as follows:

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
DEPARTMENT OF JUSTICE
**Land Registration Authority**
QUEZON CITY
**Registry of Deeds for City of Manila**

**Condominium Certificate of Title**
**No. 002-2025007840**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

| | | |
|---|---|---|
| BUILDING | : | 13-Q75 |
| UNIT NO. | : | 10F-88 |
| DESCRIPTION OF UNIT | : | 2-BR-B |
| AREA (IN SQM.) | : | 30.60 |

OF THE "URBAN DECA HOMES MANILA" CONDOMINIUM PROJECT

in the diagrammatic floor plan appended on the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 263886; 263889; 263890; 263891; 273346 which embraces and describes the land located at VITAS ST., TONDO, MANILA with an area of (147.15, 2,665, 13,286, 10,783, 435, 278, 273, 95.90) Square Meter, is registered in the name of:

Owner: (1) CATHERINE DUCUSIN BARROGA, OF LEGAL AGE, SINGLE, FILIFINO; AND
Address:1701 MARIA CLARA STREET SAMPALOC MANILA
(Continued on next page)

as owner(s) of said unit in fee simple, with all the incidents provided by the Condominium Act, subject to such of the encumbrances noted on this condominium certificate of title and on the certificate of title of the land as may affect the unit; to those mentioned in the enabling or master deed and declaration of restrictions; and to those provided by law.

This condominium certificate is a transfer from Condominium Certificate of Title No. 2017018417, which is/are cancelled by virtue hereof insofar as the above-identified unit is concerned.

Entered at City of Manila, Philippines on the 30th day of SEPTEMBER 2026 at 02:38pm.

**(SIGNED)**
**PERLINO V. CALIFLORES**
OIC Deputy Register of Deeds

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date it shall be held on August 25, 2026 without further notice.

City of Manila, Philippines, July 7, 2026.

**(SIGNED)**
**SHAIRA A. QUERUBIN**
Acting Clerk of Court[3] & Ex-Officio Sheriff

**(SIGNED)**
**BONIFACIO JOJIE T. MAGPANTAY**
Sheriff-in-Charge

Copy furnished:

**BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS**
28/F, Ayala Triangle Gardens Tower 2, Paseo de Roxas cor. Makati Avenue, Bel-Air, Makati City

**CATHERINE DUCUSIN BARROGA**
**DIANE BALSARZA AVILA**
1. 1701 A. MARIA CLARA STREET, BARANGAY 482, SAMPALOC, MANILA
2. 40 EVERLASTING STREET, PAYATAS A., QUEZON CITY
3. UNIT NO. 10F-88, BUILDING 13-Q75, URBAN DECA HOMES MANILA, VITAS STREET, TONDO, MANILA

**Note/s:** Failure to attend at the said auction sale, despite proper notice, shall be construed as a waiver. Accordingly, the auction sale shall be held as scheduled.

The mortgagee is required to submit an updated Statement of Account before the scheduled auction sale.

**WARNING:** it is absolutely prohibited to remove, destroy or deface this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale, under the penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: July 13, 20 & 27, 2026**

Republic of the Philippines
REGIONAL TRIAL COURT
National Capital Judicial Region
Manila
Branch 37

IN THE MATTER OF CORRECTION OF ENTRIES IN THE CERTIFICATE OF LIVE BIRTH OF ROSELYN PAGAD CHUA

ROSELYN PAGAD CHUA,
Petitioner,

SP PROC. NO. R-MNL-25-04113-SP

-versus-

THE LOCAL CIVIL REGISTRAR OF MANILA, PHILIPPINE STATISTICS AUTHORITY, OFFICE OF THE SOLICITOR GENERAL, LYDIA O. PAGAD CHUA, CHENG KUAN I. CHUA, ROLLY PAGAD CHUA and all other persons having interest thereto.
Respondents.
x---------------------------------------x

## AMENDED ORDER

In a verified petition for correction of entry, petitioner prays, inter alia, that after due notice, publication and hearing, an Order be rendered directing public respondents to correct her certificate of live birth particularly the name of her father from "ROMEO IBANEZ CHUA" to "CHENG KUAN I. CHUA" and the date and place of marriage of parents from "May 10, 1990 : CITY HALL, MANILA" to "N/A".

The petition is set for hearing on August 6, 2026 at 8:30 in the morning before this Court sitting at Rooms 426-427, Fourth Floor, Manila City Hall. All interested parties are hereby notified of the said hearing and to show cause why the petition should not be granted.

Let a copy of this Order be published once a week for three (3) consecutive weeks in a newspaper of general circulation in the City of Manila at the expense of the petitioner to be selected by raffle pursuant to P.D. No. 1079 and another to be posted at the bulletin board of RTC-Manila.

Furnish the Office of the Solicitor General, the Civil Registrar of Manila, Philippine Statistics Authority, Lydia O. Pagad Chua, Cheng Kuan I. Chua and Rolly Pagad Chua with copy of this amended order and the amended petition.

SO ORDERED.

Manila, May 14, 2026.

**(SINGED)**
**VIRGILIO V. MACARAIG**
Presiding Judge

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: July 13, 20 & 27, 2026**

# DOH-Bicol intensifies campaign to achieve 85% deworming coverage

The Department of Health - Center for Health Development (DOH-CHD) in Bicol has intensified health education, local government engagement, and interagency coordination to further improve deworming coverage among children and adolescents, following gains from the region's mass deworming campaign. In a press conference on Wednesday afternoon, DOH 5 (Bicol) Regional Integrated Control Program Coordinator Darryl Balane said the region achieved an overall deworming coverage of 80.25 percent during the January 2026 round, up from 71.94 percent in July 2025.

"The campaign reached about 1.79 million of the region's estimated 2.23 million target beneficiaries aged 1 to 19 years, surpassing the previous round's performance and moving closer to the program's target of at least 85 percent coverage," he said.

DOH-5 is encouraging local government units to increase investments in deworming activities, provide refresher training for newly designated coordinators, strengthen school and community-based health education, and enhance collaboration between schools and health offices."We encourage teachers and school personnel to conduct health education because parents give consent for deworming. For teenagers, barangay health workers and Sangguniang Kabataan (youth council) will help educate communities, as they have a stronger grassroots presence," Balane said.He added that improving parents' understanding of the importance and safety of deworming remains one of the department's priorities to increase program acceptance.The DOH-5 also recognized best practices among provinces: Camarines Norte maintained high deworming coverage through effective planning and stakeholder coordination, while Camarines Sur benefited from local government support in procuring medicines.Albay strengthened public awareness through its Provincial Information Office, enabling broader dissemination of deworming information across social media and other communication channels. The province also recorded the highest number of dewormed high-risk individuals during the July 2025 campaign.Meanwhile, Catanduanes posted outstanding program performance after achieving full coverage in the January 2025 round, while Sorsogon expanded its reach among high-risk populations during the January 2026 campaign.Masbate was likewise recognized for consistently reaching large numbers of high-risk beneficiaries. **(With a report from Melrose Lagonoy, GIP/PNA)**




**DEWORMING CAMPAIGN. Officials of the Department of Health in Bicol during a press conference regarding updates on its deworming campaign, at a hotel in Legazpi City on Wednesday (July 8, 2026). The regional health office aims to achieve 85 percent deworming coverage across six provinces in the region. (PNA photo by Melrose Lagonoy, GIP/PNA)**

# Bangkay ng lalaki, natagpuan sa Canal Saint-Martin sa Paris



Isang bangkay ng lalaki ang natagpuan ng mga awtoridad sa Canal Saint-Martin sa Paris, France, isang lugar na naging sikat sa mga turista kamakailan bilang swimming spot upang makaiwas sa matinding init ng panahon.

Ayon sa pulisya, narekober ang bangkay nitong Sabado ng madaling araw. Napansin ng mga awtoridad na namamaga na ang katawan ng bangkay, palatandaan na ilang araw na itong nasa tubig.

Wala ring nakitang anumang pagkakakilanlan sa biktima. Tinatayang nasa edad 25 hanggang 35 ang lalaki, at patuloy pang iniimbestigahan ng mga awtoridad ang sanhi ng kanyang pagkamatay.

Noong kalagitnaan ng Hunyo, pinayagan ng pamahalaang lungsod ng Paris ang paglangoy sa isang bahagi ng Canal Saint-Martin upang mabigyan ng paraan ang mga residente at turista na makapagpalamig sa gitna ng tumitinding heatwave.

Sa kasalukuyan, pinapayagan lamang ang paglangoy sa lugar tuwing Linggo.

Matagal nang binabalaan ng mga awtoridad ang publiko na maging maingat sa paglangoy sa naturang canal at iwasang tumalon mula sa mga tulay.

Kilala rin kasi ang canal bilang lugar kung saan itinatapon ang iba't ibang basura tulad ng bisikleta, e-scooter, at shopping cart.

Kasabay nito, opisyal na ring binuksan ng Paris ang panibagong swimming season sa River Seine, kung saan may tatlong ligtas at binabantayang lugar na maaaring languyan ng publiko nang libre.

## Keiko Fujimori, wagi sa presidential polls ng Peru

Opisyal nang idineklara ng National Jury of Elections (JNE) sa Peru ang pagkapanalo ni Keiko Fujimori sa katatapos na runoff presidential election.Sa makitid na agwat na halos 50,000 boto, tinalo niya ang kalaban na si Roberto Sánchez.Nakakuha si Fujimori ng 50.135% ng boto kumpara sa 49.865% ni Sánchez, at nakatakdang manumpa bilang pangulo sa Hulyo 28, 2026, kasabay ng Araw ng Kalayaan ng bansa.Ito na ang ika-apat na pagtatangka ni Fujimori na maging pangulo matapos matalo noong 2011, 2016, at 2021. Ang kanyang kampanya ay nakatuon sa pagpigil sa kriminalidad at pagbabalik ng kaayusan sa bansa.Malakas ang suporta niya sa Lima at mga botanteng nasa ibang bansa, habang si Sánchez ay nakakuha ng boto mula sa mga rural at katutubong komunidad.Si Keiko ay anak ng dating pangulong Alberto Fujimori, na nakulong dahil sa korapsyon at paglabag sa karapatang pantao.Dahil dito, nananatiling hati ang opinyon ng publiko sa kanyang pamumuno, may mga naniniwalang siya ang magbabalik ng kaayusan, habang ang iba ay nangangamba sa pagbabalik ng Fujimorismo.Ang kanyang administrasyon ay haharap sa mabibigat na hamon sa kriminalidad, ekonomiya, at patuloy na kaguluhang pampulitika.






## Village People singer Wictor Willis pumanaw na

Pumanaw na ang lead singer ng sikat na grupong Village People na si Victor Willis sa edad na 74.Classic Rock at Oldies

Kinumpirma ng kanilang asawa ang pagpanaw ng singer matapos nadapuan ng maikli at agresibong sakit.

Ang Texas-born musician ay co-founder ng Village People kung saan kabilang siyang sumulat ng sikat na kantang "Y.M.C.A", "In The Navy" at "Macho Man".

Dahil sa kanilang kakaibang mga costumes at choreography ay pumatok ang kanilang grupo sa mga malaking gay audience kung saan iba't-ibang mga characters gaya ng butch builders,bikers at sundalo.

## Heart Evangelista, naospital dahil umano sa matinding pagod

Naospital ang aktres at fashion icon na si Heart Evangelista matapos umanong makaranas ng matinding pagod bunsod ng sunod-sunod niyang trabaho at commitments, ayon sa ibinahaging update ng kaniyang personal assistant na si Reszty Roselle.Musika ng Mundo

Sa serye ng Instagram Stories na ibinahagi nito noong Sabado, Hunyo 27, makikita si Heart na nakahiga sa hospital bed habang inaalagaan ng mga doktor at nurse. Ayon sa kaniya, bumigay ang katawan ng aktres dahil sa sunod-sunod nitong trabaho at iba't ibang commitments.

"Sa sobrang hardworking ng batang ito, kailangan talaga umabot pa siya sa point na hindi na niya kaya before magpa-confine," ani Res sa isa sa kaniyang mga post.

Ipinagtanggol din niya si Heart laban sa mga basher at binigyang-diin ang pagiging masipag ng aktres.

"Health is wealth. Ganda, sana naisip mo 'yan. Rest din kapag may time. Tapos itong mga basher na 'to kung husgahan ka grabe, hindi nila alam kung gaano ka kasipag para kumita lang ng pera," saad niya.Pangangatawan

Sa kabila ng naging kondisyon ni Heart, nagbigay naman si Res ng positibong update tungkol sa kalagayan nito.

"Road to full recovery and she's awake na from sedation," aniya.

Ibinahagi rin niyang nakakalakad na si Heart nang diretso, bagama't nangangailangan pa rin ito ng monitoring habang nagpapatuloy ang paggaling.

Nagpasalamat din si Res sa Diyos at kay Mama Mary matapos bumuti ang kondisyon ng aktres.

"Thank you Lord! Thank you Mama Mary!" aniya.

Hindi ito ang unang pagkakataong napabalitang nakaranas si Heart ng matinding pagod dahil sa kaniyang abalang iskedyul.

Kilala ang aktres sa kaniyang mga international fashion engagements, luxury brand partnerships, endorsements, television projects, at iba pang negosyo na madalas magdala sa kaniya sa iba't ibang panig ng mundo. Noong mga nakaraang buwan, inamin din ni Heart na kinailangan niyang magpahinga dahil sa ilang isyung pangkalusugan na dulot ng matinding pagod at sunod-sunod na trabaho.



## Taylor Swift at Travis Kelce, ikinasal na; Hindi rin nakaligtas sa batikos ang tinaguriang 'wedding of the century'

Opisyal nang nagpakasal ang pop superstar na si Taylor Swift at ang American football player na si Travis Kelce nitong Biyernes ng gabi, Hulyo 3, 2026, sa isang marangyang seremonya sa Madison Square Garden (MSG) sa New York City.

Ang kanilang matalik na kaibigan at kilalang komedyante na si Adam Sandler ang nagsilbing officiator na nagkasal sa dalawa. Bagama't umani ng batikos at reklamo mula sa ilang residente ang naging preparasyon, naging matagumpay ang tinaguriang "wedding of the century"

Umani ng matinding pambabatikos mula sa publiko at mga motorista ang kasal dahil ipinasara ang mga kalsada sa paligid ng Madison Square Garden.

Naapektuhan nito ang trapiko sa Midtown Manhattan sa mismong long weekend ng Fourth of July.

Dahil sa higit 1,000 sikat na bisita, binalot ng dambuhalang mga kurtina, barikada, at New York Police District checkpoint ang isa sa pinaka-abalang transit hub ng New York, na ikinagalit ng mga regular commuter.

May mga netizens din sa social media na bumatikos sa labis na atensyong ibinigay ng media sa kasal, at tinawag itong "isang malaking biro" habang marami ang mas mahalagang isyu sa mundo.

Hindi sumunod sa tradisyon ang magkasintahan. Sa halip, ang kapatid ni Taylor na si Austin Swift ang nagsilbing Man of Honor, habang ang kapatid naman ni Travis na si Jason Kelce ang naging Best Man.

Parehong nagsuot ng custom Christian Dior Haute Couture ang bagong kasal na idinisenyo ni Jonathan Anderson, kapares ng custom Christian Louboutin na sapatos. Naroroon din ang Cartier jewelry para sa singer.

Matapos silang maikasal, biglang umilaw ang mga dambuhalang screens sa labas ng MSG at maging ang Empire State Building na kulay pink at lavender na may nakasulat na "JUST&T MARRIED!" upang anunsiyo ito sa buong lungsod.

## Pope Leo, hinimok ang US na manatiling bukas sa mga imigrante

Pinuri ni Pope Leo XIV ang kasaysayan ng Estados Unidos sa pagtanggap ng mga imigrante, kung saan hinimok din niya ang mga Amerika na manatiling tapat sa ideals nito matapos makalaya sa mga mananakop.

Sa isang video message mula sa Vatican, tinanggap ni Pope Leo ang Liberty Medal mula sa National Constitution Center sa Philadelphia. Dito, sinabi niyang ang salitang "America" ay naging simbolo ng kalayaan sa buong mundo dahil sa pagiging bukas nito sa mga imigrante.

Hinikayat ng Santo Papa ang Estados Unidos na isabuhay ang mga prinsipyong nakasaad sa Declaration of Independence, lalo na sa nalalapit nitong ika-250 anibersaryo bilang isang malayang bansa.

Ayon sa kanya, mahalagang manatiling gabay ng Amerika ang pagkakaisa, katarungan, at kapayapaan na itinaguyod ng mga founding fathers.

Binigyang-diin din ni Pope Leo ang kahalagahan ng pagprotekta sa buhay mula sa sinapupunan hanggang sa natural na kamatayan, at sinabi na nasusukat ang moral na katatagan ng isang bansa sa kung paano nito pinangangalagaan ang mga mahihina at naaapi.

Bagama't hindi niya binanggit si U.S. President Donald Trump o iba pang lider, dati nang ktitiko ang Santo Papa sa ilang patakaran hinggil sa imigration, na tinawag niyang hindi makatao.

Si Pope Leo, na tubong Chicago, ay hindi pa nakababalik sa Estados Unidos mula nang mahalal bilang Santo Papa noong 2025, ngunit nakikibahagi na sa ilang mga kaganapan sa pamamagitan ng video message.



## Ukriane missile tinamaan ang oil terminal ng Russia

Tinamaan ng missile ng Ukraine ang pangunahing oil terminal ng Russia sa St. Petersburg City.

Kinumpirma ni Ukraine President Volodymyr Zelensky ang nasabing pag-atake.

Isinalarawan pa ng Ukraine president na ito ang pangunahin infrastructure na nagbibigay ng malaking kita para sa giyera ng Russia.

Bukod pa dito ay tinamaan rin ng Ukraine ang naval base ng Russia.

Sinabi ni St. Petersburg Governor Aleksandr Beglov na ang kaniyang lungsod ay nasa "massive drone attack".

Magugunitang pinaigting ng Ukraine ang kanilang pag-atake laban sa mga pangunahing imprastraktura ng Russia.




**"LEMME TEASE BOTIQUE RTW TARLAC"**

**Taytay RTW Base**

**Purok Saranay Sitio Banga-banga Villa Aglipay San Jose, Tarlac, Philippines**

**Contact No.# 09460277182**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: July 13 - 19, 2026




**#308 Barangka Drive in front of Bonifacio Javier National High School, Mandaluyong City**

**Contact : Juliana Diesta # 09052264801**

**krusty.ebox@gmail.com**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: July 13 - 19, 2026




**FB PAGE: www.fb.com/SEJCondoHotel**
**Contact No. 09665262989**

Publication: PVN Point Viewer Publishing
Dates: July 13 - 19, 2026



# CROSSWORDS

## Across

1. Baked desserts
5. "Shoot!"
9. Threaded fastener
14. Kendrick of "Pitch Perfect"
15. Learning by memorization
16. Throw with effort
17. A little naughty
18. Big brass horn
19. Prodded
20. Question, as the opposing side's witness
23. Location of all but two NATO members
24. Overly
25. Covered in cinders
29. Cell service letters
30. List-ending abbr.
32. Giants legend Mays
34. Settings that reinforce personal biases
37. Breathe hard
39. Language similar to Thai
40. Fashioned
41. Tool for monitoring blood sugar levels
44. Stop working
45. Icarus, to Daedalus
46. The first "A" of Reddit's AMA
49. Landfill output
50. Some short albums
53. No longer surprised by
55. Classic Beatles song, or an apt description of the progression of this puzzle's circles
58. Was able to
61. Comedian Trevor
62. "Take this"
63. Possessed
64. Sushi seaweed
65. Zone
66. Trudges heavily
67. "What __ is new?"
68. Element seen all over Las Vegas

## DOWN

1. Package
2. Bored by routine
3. "Do it again!"
4. Authorization
5. The Electric Mayhem bandleader
6. Common sauce base
7. Facing the pitcher
8. Spanish "I love you"
9. Give the cold shoulder
10. Individually wrapped breakfast choice
11. Cleaning cloth
12. Night of anticipation
13. Hitched
21. Ronnie who sang lead on "Be My Baby"
22. Corn Belt state
26. Luge or skeleton
27. Add to the staff
28. Desired response to a promposal
31. Kenneth of fashion
33. Gigantic
34. Surrounded
35. Pic taker
36. Weeding tools
37. Claimed no contest, maybe
38. Prefix with correct or complete
41. Miracle-__: garden brand
42. Appear to be
43. Difficult question
46. Show some stick-to-itiveness?
47. Audiophile's system
48. Like BTS or bibimbap
51. Tubular pasta



52. Perch at a pub
54. Hawke of "Before Sunrise"
56. Action figures?
57. Rowboat pair
58. Many a "Brooklyn Nine-Nine" character
59. Bird in Tootsie Pop ads
60. Game with Reverse cards

# WORD HUNT

## BATMAN VILLAINS



| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| K | S | A | M | K | C | A | L | B | V | R | R |
| P | E | N | G | U | I | N | O | N | A | H | D |
| E | Z | E | E | R | F | R | E | T | S | I | M |
| T | D | O | S | P | O | O | K | W | R | N | V |
| W | C | A | T | M | A | N | O | I | E | O | I |
| O | P | D | J | A | N | R | V | D | L | B | C |
| F | T | O | E | O | C | B | E | Z | D | R | T |
| A | B | G | I | E | K | A | E | M | D | F | O |
| C | I | A | R | S | D | E | E | H | I | I | R |
| E | F | A | N | S | O | E | R | U | R | R | Z |
| S | C | O | H | E | N | N | E | S | K | E | S |
| S | E | O | N | Z | T | F | I | H | A | F | A |
| V | T | M | A | N | B | A | T | V | O | L | S |
| E | F | A | N | A | R | K | Y | E | Y | Y | Z |

JOKER
RIDDLER
PENGUIN
BANE
SCARECROW
MISTER FREEZE
VICTOR ZSASZ
DEADSHOT
FIREFLY
POISON IVY
ANARKY
TWO-FACE
BLACK MASK
CATMAN
HUSH
SPOOK
MAN BAT
DEE DEE
RHINO



# Libreng public viewing ng laban ni Alex Eala sa Wimbledon, ikakasa sa PhilSports Arena

Inaanyayahan ang publiko na suportahan ang Filipina tennis star na si Alexandra "Alex" Eala sa pamamagitan ng libreng public viewing ng kaniyang Round of 16 match sa Wimbledon ngayong Lunes, Hulyo 6.Online na Video

Ayon sa Metropolitan Manila Development Authority (MMDA), gaganapin ang public viewing sa PhilSports Arena sa Pasig City.

Magbubukas ang venue para sa publiko alas-5:30 ng hapon, habang nakatakdang magsimula ang laban ni Eala kontra kay Jasmine Paolini alas-8:30 ng gabi.

Libre ang pagpasok at ipatutupad ang first come, first served na sistema, kaya hinihikayat ang mga manonood na dumating nang maaga upang makakuha ng upuan.

Ayon sa MMDA, bahagi ito ng inisyatiba ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. upang hikayatin ang mga Pilipino na magkaisa sa pagsuporta kay Alex Eala habang ipinagpapatuloy niya ang makasaysayang kampanya sa Wimbledon.

## Nikola Vucevic, bumalik sa Orlando

Tuluyan nang bumalik sa Orlando Magic ang bigman at two-way player na si Nikola Vucevic.

Pumirma ang batikang sentro ng kontratang nagkakahalaga ng $3.9 milyon upang muling makabalik sa dati niyang koponan.

Unang sinimulan ni Vucevic ang kanyang NBA career sa Orlando, kung saan tumagal siya ng siyam na taon.

Noong 2021, lumipat siya sa Chicago Bulls, at makalipas ang ilang taon ay naglaro rin para sa Boston Celtics.

Sa kanyang pagbabalik sa Magic, hawak ni "Vooch" ang impresibong average na 15.1 points per game, 8.4 rebounds per game, at 3.3 assists per game.

Sa siyam na taong pananatili niya sa Orlando, napanatili ni Vucevic ang double-double average na 17.6 points at 10.8 rebounds per game.

Makakasama ng bigman ang mga batang manlalaro ng Orlando gaya nina Paolo Banchero, Franz Wagner, at iba pa.




PVN SPORTS

NO. VIII | ISSUE NO. 50 | JULY 13 - 19, 2026 | ₱ 15.00


## Gilas Pilipinas, nabigo kontra New Zealand sa double overtime thriller

Nabigo ang Gilas Pilipinas na maipanalo ang kanilang laban kontra New Zealand sa third window ng 2027 FIBA Basketball World Cup Qualifiers na ginanap sa Spark Arena, Auckland ngayong Biyernes, Hulyo 3, oras sa Pilipinas.

Umabot sa double overtime ang bakbakan matapos magtabla ang score sa 93-93 sa unang overtime. Sa huli, tuluyang nanaig ang New Zealand sa iskor na 106-102.

Hinabol ng New Zealand ang 1-point lead ng Pilipinas sa ikatlong quarter at itinabla ang score sa 83 sa pagtatapos ng ika-apat na quarter. Sa unang overtime, gitgitan pa rin ang laban hanggang sa nauwi ito sa 93-all.

Pagpasok ng second overtime, nakalamang ang New Zealand sa unang dalawang minuto ngunit mabilis itong hinabol ng Gilas at nakaposte ng 97-96.

Dalawang minuto bago matapos, naiangat pa ng Pilipinas ang kalamangan sa apat na puntos, 100-96, sa tulong ng clutch shots ni Justin Brownlee.

Gayunman, mabilis itong nabura ng New Zealand na muling nakapantay sa 100-all isang minuto bago matapos.

Sa huling bahagi ng laro, hindi na nakabawi ang Gilas dahil sa sunod-sunod na foul calls at isang inbound mistake, dahilan upang tuluyang makuha ng New Zealand ang panalo.

Sa kabila ng pagkatalo, ipinakita ng Gilas ang matinding determinasyon at laban hanggang sa dulo, ngunit hindi sapat upang makuha ang panalo sa double overtime thriller.



## Argentina, pasok na sa Round of 16 ng World Cup 2026

Matagumpay na nakalusot ang Argentina, ang defending champions ng FIFA World Cup, sa Round of 16 matapos talunin ang debutant na Cabo Verde sa isang kapana-panabik na laban sa Miami Stadium, Florida, 3-2, sa pamamagitan ng extra time.

Si Lionel Messi ang nagbukas ng iskor sa ika-29 minuto, na nagdagdag sa kanyang rekord bilang may pinakamaraming World Cup goals sa kasaysayan.

Naitabla ng Cabo Verde ang laban sa ikalawang kalahati sa pamamagitan ni Deroy Duarte, ngunit muling nakalamang ang Argentina sa extra time sa gol ni Lisandro Martínez.

Hindi sumuko ang Cabo Verde at nakapantay muli sa ika-103 minuto sa pamamagitan ni Sidny Lopes Cabral.

Sa datos ng laban, hawak ng Argentina ang 64% possession at nakapagtala ng 22 shots kumpara sa 16 ng Cabo Verde.

Sa kabila ng matinding depensa ng debutant, nanaig ang karanasan ng mga kampeon.

Si Messi ay umabot na sa 20 kabuuang World Cup goals at nakapagtala ng 8 sunod-sunod na laban na may goal, isang bagong rekord.

Susunod na makakaharap ng Argentina ang Egypt, na tinalo ang Australia sa penalty shootout, para sa tiket sa quarter-finals.

Ang panalo ay patunay na nananatiling matatag ang Albiceleste sa kanilang misyon na depensahan ang korona sa World Cup 2026.

## Switzerland, tinapos na ang 88-year drought na makapagbulsa ng panalo sa World Cup knockout stage

Tinapos ng Switzerland ang kanilang 88-taong paghihintay para makapagbulsa ng isang panalo sa knockout stage ng World Cup.

Tinalo ng koponan ang Algeria sa huling match ng Round of 32 sa Vancouver, Canada, 2-0.

Maagang nagpakitang-gilas ang mga Swiss kung saan sa ika-sampung minuto (10') pa lamang ng laro, agad na nakuha ng Switzerland ang 1-0 lead matapos maipasok ni Breel Embolo ang isang mabilis na short-range shot sa tulong ng assist mula sa kanilang pambato na si Johan Manzambi.

Sinubukan naman ng Algeria na gumanti sa dulo ng first half ngunit mas lalo pa itong nabaon pagkapasok ng second half.

Sinamantala ni Swiss defender Dan Ndoye ang mahinang defense ng Algeria at biglaang ipinasok sa ika-apatnapu't anim na minuto (46') ang pangalawang goal ng Switzerland mula sa gitna ng box, dahilan para umakyat ang iskor sa 2-0.

Hindi na nakaporma ang Algeria hanggang sa matapos ang laban, kahit pa sa stoppage time.Soccer


Dahil dito, opisyal nang nakapasok ang Switzerland sa Round of 16 kung saan mananatili sila sa Vancouver para harapin ang magwawagi sa pagitan ng Colombia at Ghana sa darating na Hulyo 7.

## Means at Diouf nakakuha na ng Philippine passports

Nakakuha na ng Philippine passports sina Malick Diouf at Elizabeth Means matapos na maaprubahan ng Senado ang kanilang naturalization. Ibinahagi ng Samahang Basketbol ng Pilipinas (SBP) ang mga larawan ng dalawa habang nasa Office of Consular Affairs.

Inanunsiyo din ng SBP ang pagkuha nila ng passport at itinuturing na opisyal na silang Filipino citizens. Pinasalamatan ng SBP ang mga mambabatas at ang Office of the President dahil sa pag-apruba ng naturalization ng dalawa. Natitiyak ng SBP na ang dalawa ay may malaking tulong para sa Gilas Pilipinas.





## Spain, dinomina ang pisikalang laban kontra Austria, 3-0

Dinomina ng Spain ang pisikalang laban kontra Austria at ibinulsa ang 3-0 panalo sa kanilang FIFA World Cup Round of 32 match sa Los Angeles.

Mula simula hanggang dulo, hawak ng La Roja ang kontrol laban sa kapwa European team. Nagsimula ang scoring sa ika-36 minuto nang itarak ni Mikel Oyarzabal ang unang goal mula sa low cross ni Marc Cucurella.

Pagpasok ng second half, pinalawig ng defender na si Pedro Porro ang kalamangan sa 2-0 sa ika-66 minuto sa pamamagitan ng isang header mula sa assist ni Álex Baena, na siya ring kauna-unahang international goal ni Porro para sa kanyang bansa.

Sa ika-89 minuto, muling rumesbak si Oyarzabal at binasag ang offside trap upang maipasok ang kanyang pangalawang goal, muli sa tulong ni Cucurella, na tuluyang nagselyo ng 3-0 panalo para sa Spain.

Dahil sa tagumpay, opisyal nang aabante ang Spain sa Round of 16 at makakaharap ang powerhouse team na Portugal sa Hulyo 6 sa Dallas.